TRUTH CENTERED TRANSFORMATION

MODYUL



ASIN at ILAW

Gabay ng Pasiliteytor

Ang Truth Centered Transformation ay ministeryo ng Reconciled World. Bumisita sa tctprogram.org.

Reconciled World

Truth Centered Transformation—Modyul: Asin at Ilaw v4. Copyright ©2020 Reconciled World, Phoenix, Arizona, United States of America. www.reconciledworld.org

Ang araling ito ay maaaring magamit sa ilalim ng tuntunin ng Creative Commons Attribution–ShareAlike 3.0 license. Ikaw ay ng mga sumusunod na kundisyon:

Pagpapatungkol – Dapat mong ipatungkol ang araling ito sa paglalakip ng pangungusap na ito: Copyright © 2017. Nalathala ng Reconciled World (www.reconciledworld.org) sa ilalim ng tuntunin ng Creative Commons Attribution–ShareAlike license. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.creativecommons.org.

Di-Pang-Komersyo – Huwag gamitin ang araling ito sa pang-komersyong layunin.

Kung ikaw ay interisadong isalin ang araling ito sa ibang wika, makipag-ugnayan sa info@tctprogram.org.

Lahat ng talatang nabanggit, malibang ipinahiwatig, ay mula sa Banal na Biblia, Magandang Balita Biblia.

Lahat ng talatang mababasa sa ingles na version, mabibang ipinahiwatig ay mula sa New International Version®, NIV®. Copyright ©1973, 1978, 1984, 2011 ng Biblica, Inc.TM. Ginamit nang may pahintulot ng Zondervan. Lahat ng mga Karapatan ay nakalaan sa buong mundo. www.zondervan.com. Ang “NIV” at “New International Version” ay mga trademarks na nakarehistro sa United States Patent at Trademark Office ng Biblica, Inc.TM.

Bago Mo Ito Simulan

Paghahanda sa Pagpapasilita ng Isang Aralin

1. Basahing lahat ang **Gabay ng Pasiliteytor** nang mabuti at nang maraming ulit kung maaari. Guhitan o gumawa ng mga tala sa gilid ng mga pahina upang mapa-alalahanan ang sarili ng mga mahahalagang punto o katotohanan.
2. Tingnan ang mga **Pangunahing Ideya** mula sa unahan ng bawat aralin upang malaman kung ano ang mga aralin na dapat matutunan ng mga kalahok sa pagkatapos ng bawat aralin.
3. Basahing lahat ang mga **talata o sipi** bago pa man magpasilita. *[Ang mga ito ay inilakip na sa bawat aralin – dagdag ng nagsalin]*
4. Markahan ang mga **kakailanganin o gagamiting mga materyal** para sa bawat aralin at siguraduhing **magpakopya o magpa-imprenta ng mga Talaan ng Kalahok** at **lumikha ng mga tulong sa pag-aaral o "visual aids" na gagamitin** sa bawat aralin.
5. Pakasiguruhin na alam na alam mo ang bawat **aktibidad** sa mga aralin tulad ng: (dula, palaro, at mga visual aids). Maaari mo itong insayuhing kasama ang iyong pamilya o mga kaibigan.
6. Maglaan ng oras para **manalangin** upang ihanda ng Diyos ang mga kalahok, at para marinig ng mga kalahok ang nais ng Diyos na kanilang malaman, at upang tulungan ka ng Diyos sa iyong pagpapasilita ng araling ito. **Tandaan na tanging sa pamamagitan lamang ng Diyos at Kanyang lakas na ating masasaksihan ang pagbabago sa buhay ng mga tao.**

Gabay ng Pasiliteytor

Pangunahing mga Ideya at Materyal: Ang bawat aralin ay nagsisimula ng ganitong seksyon.

1. **Pangunahing mga Ideya** – Maraming magagandang mga ideya sa bawat aralin, at dapat itong malinaw na maunawaan ng bawat kalahok sa pagtatapos ng bawat aralin. Magandang tanungin ang sarili kung sa iyong bang palagay ay maalala ng mga kalahok ang pangunahing mga ideya pagkatapos mong ipasilita ang aralin. **Palagiang maglaan ng panahon upang muling aralin ang mga Pangunahing mga Ideya** upang matulungan silang matandaan ang mga ito.
2. **Mga Materyal** – Ang espisipikong mga kinakailangang gagamiting mga bagay ay nakalista sa bawat aralin, kasama na ang mga makakatulong sa pag-aaral o (visual aids), at ang Talaan ng Kalahok o (Student's Note). Ang Gabay ng Pasiliteytor ay nagpapahiwatig kailan gagamitin ang mga sumusunod:
    a. **TALAAN NG KALAHOK** – ay may tatak na tulad nito.
    b. **TULONG SA PAGPAPASILITA** – ay may tatak na tulad nito.

Tulong sa Pagpapasilita

Ang Tulong sa Pagpapasilita para sa Modyul na ito ay nasa nakahiwalay ng dokumento. Ipaimpreta at ihanda ang mga ito gaya ng ipinapahiwatig sa pahina ng Nilalaman ng Tulong ng Pagpapasilita.

Gabay ng Kalahok

Kung ang iyong grupo ay hindi nakatanggap ng buong Gabay ng Kalahok, maaari mong ipaimpreta o ipaxerox para sa bawat kalahok ang huling dalawang (2) pahina ng Gabay ng Pasiliteytor:

1. Aralin # 6: Pagtatagumpay sa Kasalanan – Worksheet ng Karaniwang mga Kasalanan
2. Aralin # 7: Tsart ng Aking Planong Paglilingkod

Aralin 1: Asin at Ilaw

Pangunahing Ideya:

- Bilang Asin, nilalayon ng ating buhay na makalikha ng pagbabago sa nakapaligid sa atin at sa ating komunidad.

Mga Materyal:

- Tulong sa Pagpapasilita: 'Hindi ko kaya ang Matematica!' Iskrip ng Dula (tatlong kopya ang kailangan)
- Lagayan ng asin, kutsara
- Gabay ng Kalahok: 3 Maiikling mga Kwento

Panimula: Asin

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: *Ipakita ang isang lalagyan na may asin o ipaikot ito upang makita ng lahat*

- Ano po ito?
- Ano ang gamit nito? *Nagpapanatili, nagdadagdag ng lasa, nagpupyuripay, lumilinis.*

Ang asin ay isang pangkaraniwan ngunit kamangha-manghang bagay na napapahusay nito ang mabubuting bagay! Sa katotohanan nga, ang asin ay mahalaga sa ating katawan; na di tayo mabubuhay ng wala ito.

Si Jesus ay nangusap tungkol sa asin bilang isang simbolo kung sino o ano ang mga Kristiano. Ngayon, nais nating makita paano tayo magiging tulad ng asin sa ating komunidad. Tayo ay magsimula sa pamamagitan ng pagbabasa ng Kasulatan at ating saksihan ang sinasabi ng Panginoong Jesus tungkol dito.

Ikaw ang Asin

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Basahin ang **Mateo 5:13** ***"Kayo ang asin ng sangkatauhan. Ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Hindi ba wala na itong kabuluhan kundi ang itapon at tapakan ng mga tao?'***

Sa talatang ito, si Jesus ay nakikipag-usap sa kanyang mga tagasunod. At dahil tayo ay Kanyang tagasunod, kinaka-usap tayo ni Jesus. Noong panahon ni Jesus, ang asin ay kinukunsidera na lubos na mahalaga at napakahalaga — may Malaki itong halaga. Ipinaaalam ng Panginoong Jesus na sila'y pinaka-pinahahalagahan.

Maging Asin

Ang asin ay (at patuloy) na mahalaga dahil ito ay kapakipakinabang. Sa paghahalintulad ng asin sa atin, o natin sa asin, si Jesus ay nagtuturo sa atin na kaya nating maging kapakipakinabang para sa ating komunidad. Kanya itong niliwanag na kaya natin at dapat tayong maging asin o tulad ng asin.

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD *(Gamitin ang* ***TULONG SA PAGPAPASILITA****:* **Dula 'Hindi Kop Kaya Ang Matematica!'**

Kailangan: 1 Tinderang May-ari, 2 mamimili, Bigas na ibinibenta.

Senaryo: Ang May-ari ay nagbebenta ng bigas sa kanyang pwesto. Lalapit ang mamimili upang bumili ng bigas.

Mamimili # 1: *(lalapit sa tindahan)* Magandang umaga po! Pabili po ng bigas. Magkano po?

May-ari: Opo, ay, uy, nandyan ka pala.

(Ibinigay ng may-ari ang bigas, nagbayad ang mamimili # 1, sinuklian ng may-ari ang mamimili # 1.)

Mamimili # 1: *(naglalakad papalayo habang binibilang ang kanyang sukli)* Pagsinuswerte ka naman talaga! Biruin mo, ang laki ng sobra ng isinukli sa akin ng May-ari. Di siguro nakapag-aral yun; hindi marunong magkwenta. Hahaha!!! **(**Umalis ang mamimili # 1).

Mamimili # 2: (Naglalakad papalapit sa tindahan*)* Hello po. Pabili nga po ng isang kilong bigas.

(Ibinigay ng may-ari ang bigas, nagbayad ang mamimili # 2, sinuklian ng may-ari ang mamimili # 2.)

Mamimili # 2: *(naglakad papalayo habang binilang ang kanyang sukli)* Ay naku! Sobra ang isinukli sa akin ng tindera. Nagkamili siguro siya ng pagkwenta at malulugi siya kung ganito ang mangyayari.

Mamimili # 2: *(bumalik sa tindahan)* Ate/Kuya. Parang mali yung isinukli mo sa akin. Malaking sobra ang isinukli mo sa akin kanina. (isinauli ang sobrang sukli).

May-ari: Maraming maraming Salamat po. Hindi po ako nakatapos ng high school at hindi ko po alam paano magkwenta ng mabuti. Ito ang nagdudulot sa akin ng malaking problema sa aking pagnenegosyo. Sana nga ay matutunan ko ito nang tama.

Mamimili # 2: Malaking problema nga iyan. Pero, kung gusto mo talagang matuto, pwede kitang turuan magkwenta para di ka malugi at umasenso itong Negosyo mo.

May-ari: Talaga, tuturuan mo ako? Naku, maraming maraming salamat at pumunta ka dito sa akin ngayon.

- Alin sa dalawa ang kumilos na parang tulad ng isang tunay na Kristiano? *Mamimili # 2.*
- Ang Mamimili # 2 ay nagpakita ng katapatan. Sa ano pang ibang paraan kumilos ang Mamimili # 2 na parang tulad ng isang tunay na Kristiano?
    - *Nagkaloob ng tulong paano mapaunlad ang kakahayan ng Tindera sa pagkukwenta.*
    - *Nakakita ng pangangailangan at kanyang pinunuan ito upang mapahusay pa ang mga bagay.*

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Sa mga nakaraang Modyul ay ating natutunan paano mapapabuti at dapat mapabuti ang ating pamumuhay sa pamamagitan ng pagsunod sa kaparaanan ng Diyos. Ngayon naman ay ating nakita mula sa aktibidad na ito at sa Salita ng Diyos na ang ating buhay ay itinakda na makalikha ng pagbabago sa nakapaligid sa atin at sa ating komunidad. Kapag ang asin ay idinagdag sa pagkain ay humuhusay o lalong sumasarap ito. Kapag tayo ay nasa ating komunidad, dapat ay ating napaghuhusay ang mga bagay na nakapaligid sa atin.

Tayong lahat ay gumugugol ng panahon sa ating komunidad. Ibig sabihin nito ay palagian tayong may pagkakataon na maging asin o tulad ng asin sa ating komunidad. Ang mga bagay na maaari nating ginagawa sa araw-araw ay parang di gaanong mahalaga, ngunit – gaya nga ng asin – ang isang maliit na bagay ay makakagawa ng malaking pagbabago.

MALILIIT NG GRUPONG AKTIBIDAD

Sa grupo na may 3 o 4 na kalahok, magkwentuhan ng ilang paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga tao sa inyong

komunidad. Paano ka magiging katulad ng asin sa kanila – na iyong napapahusay ang kanilang pamumuhay?

MALAKING GRUPONG DEMONSTRASYON

Panuto para sa Pasiliteytor: *Kumuha ng isang kutsarang asin.*

Magtanong, 'Mayroon po bang may nais kainin itong isang kutsarang asin?' *(wala!)*

Natural, walang may gusto nito! Ang asin ay sinasadya na ikinakalat. (*Ibinubudbod ang asin sa pinggan o sa lamesa.)*

Kailangan nating lahat na matandaan ang simpleng katotohanang ito: Ang asin ay sinasadyang ikinakalat. Kung ating sinasarili ito at ipinapakita lamang ang ating pagmamahal sa mga kasamahan sa iglesia (tulad ng pananatili ng isang kutsarang asin), tayo ay hindi nagiging masunurin sa ipinag-uutos ng Diyos na ating mahalin ang ating kapwa (hal. Ikinakalat ito). Paka-isipin kung saan ang asin ay kinakailangan. Ito ba ay kailangan ng mga bagay na maalat na? *(Hindi, di ba!)* Ang asin ng ating buhay ay itinakda na ikalat para sa kanila na hindi pa maalat o wala pang alat — lalong lalo na sa kanila na hindi pa nagsisisampalataya.

Kung ang ating buhay ay hindi napaghuhusay ang mga bagay na nasa ating paligid ay hindi natin tunay na naipamumuhay ang tunay na buhay ng isang tunay na Kristiano na itinakda ng Panginoong Jesus para sa atin.

Ilaw

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Pagkatapos likhain ng Diyos ang langit at lupa, ang ilaw o liwanag ang unang nilikha ng Diyos. Gaya nang hindi tayo mabubuhay ng walang asin, hindi rin tayo mabubuhay ng walang ilaw. Ito ay mahalaga sa ating buhay.

- Ano ang nagagawa ng ilaw o liwanag?
    - *Magbigay buhay, magpakita ng kulay at kagandahan, magpahayag ng posibleng mga panganib.*
- Isipin kung walang sikat ng araw, kung walang kuryente, walang sikat ng buwan. Anong buhay mayroon tayo?
    - *Walang tutubo o lalago.*
    - *Hindi tayo magkakakitaan, kahit isang metro lamang ang layo ng iba sa atin.*

Basahin ang **Juan 8:12** ***"Muling nagsalita si Jesus sa mga tao. Sinabi niya, "Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sumusunod sa akin ay magkakaroon ng ilaw sa kanyang buhay at di na lalakad sa kadiliman.""***

- Sino ang liwanag ng mundo o sanlibutan?
    - *Si Jesus*
- Ano ang mangyayari kapag tayo ay susunod sa Panginoong Jesus?
    - *Tayo ay hindi lalakad sa kadiliman, tayo ay hindi mga bulag, at nalalaman natin kung saan tayo patungo.*
    - *Tayo ay mayroong ilaw ng buhay, tayo ay buhay sa espiritu at lumalago.*

Si Jesus ang nagsasabi na S'ya ang Ilaw ng mundo at tayo ay magkakaroon ng Kanyang liwanag sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya.

Basahin ang Mateo 5:14–16 "14 **"Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod na nakatayo sa ibabaw ng burol ay hindi maitatago. 15 Walang taong nagsisindi ng ilaw at pagkatapos ay inilalagay iyon sa ilalim ng banga. Sa halip, inilalagay iyon sa talagang patungan upang matanglawan ang lahat ng nasa bahay. 16 Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit.""**

- Sino ang liwanag o ilaw ng mundo sa siping ito?
    - *Ang Kanyang mga tagasunod — tayo iyon!*
- Ano ang sinasabi ni Jesus na ating dapat gawin upang ating 'paliwanagin ang ating ilaw'?
    - Mabubuting gawa
- Para kanino ang ilaw?
    - *Para sa bawat isang nasa loob ng bahay at sa lahat ng tao*
- Ayon sa salita ng Panginoong Jesus, ano ang mangyayari kapag ating pinagliwanag ang ilaw ng katotohanan?
    - *Makikita ng iba ang ating mabubuting gawa at ang ating Ama sa langit ay mapapapurihan at magdadala ito ng kaluwalhatian sa Diyos*

Ang Diyos ay nagbigay sa Iglesia (hal. Kristiano) ng isang espesyal na tungkulin o papel sa mundo: Ang maging ilaw! Ipinasa ni Jesus ang liwanag ng Kanyang pag-ibig sa Kanyang mga tagasunod. Kung wala ang Iglesia ay walang ibang ilaw; tanging kadiliman lamang. Sa tuwing pinipili ng mga tao ng Diyos na huwag paningninging ang kanilang ilaw, ang ating komunidad ay nasa kadiliman. Kung walang ilaw ng buhay, walang pag-asa para sa ating komunidad.

Mga Kwento ng Asin at Ilaw na mga Iglesia

MALILIIT NA MGA GRUPONG AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: *Hatiin ang mga kalahok sa tatlong grupo. Mayroon isang tagabasa sa bawat grupo. Ipabasa sa bawat grupo ang ISA sa mga kwento mula sa* ***TALAAN NG KALAHOK*** *at sagutin ang mga tanong. Ipaliwanag na ang bawat isang kwento ay tutuong nangyari sa isang tutuong lugar. Pagkatapos ay hilingin ang bawat grupo na kanilang ipresenta sa harap ang kwento at ibahagi ang kanilang mga sagot sa lahat.*

Komunidad # 1: Sa isang nayon, kapag mayroong magkakasakit, ang albularyo ang darating at kaniyang sasabihan silang maghandog ng isang hayop upang makatanggap ng payo at gamot. Nang natutunan ng mga Kristiano sa programa ng TCT ang tungkol sa kalusugan, kanilang sinimulang gamitin ang mga natutunang aralin upang gamutin ang mga Karaniwang mga sakit para sa kanilang sarili ang mga kapitbahay. Lahat ng mga tao sa kanayunan ay nakikita na ang mga taong sumusunod sa payo ng mga Kristiano ay gumagaling kahit hindi sila naghahandog ng isang hayop. Ngayon ang buong nayon ay nagsisikap na maiwasan at gamutin ang mga karamdamang sa halip na maghandog ng isang handog na hayop. Dahil dito ay nakatipid sila ng pera at napapanatili nilang malusog ang kanilang mga katawan! At lumalabas na ang paglilingkod sa Diyos ay nagpapahusay ng pamumumhay ng mga Kristiano. Napapahusay rin nito ang buhay ng iba!

Komunidad # 2: Sa isang nayon, sa tuwing anihan, maraming tao ang tutulong sa may-ari sa kanyang sakahan, ngunit kailangang maghanda ng maraming pagkain at inumin o alak para sa bawat isang tumulong. At minsan ang halaga ng nagastos sa araw ng anihan ay higit na Malaki kaysa sa kikitain mula sa inani! Pagkatapos mapag-aralan ang "Pagpapamalas ng Pag-ibig" o 'Acts of Love,' ang mga Kristiano sa kanayunan ay nagpasyang tumulong sa kanilang kanayon anihin ang kanilang pananim na hindi sila hihingi ng anumang bayad o kailangan pang pakainin. Ikinagulat ito ng mga tao na ang mga Kristiano ay hindi lamang nagtutulungan, kanila ring tinutulungan ang mga tao sa labas ng iglesia. Di kalaunan, nakita ng iba pang mga tao sa kanayunan ang ginagawa ng mga Kristiano at huminto na rin silang umasa o obligahin ang may-ari na pakainin at painumin sila. Ngayon ang bawat isa sa nayon ay handang magtrabaho sa mga sakahan ng kanilang kanayon nang libre. Ang bawat nagtatrabaho sa tuwing anihan ay nagdadala ng kani-kanilang sariling pagkain, at masya silang sama-samang nagtatrabaho. Bunga nito, ang bawat pamilyang nagtatanim ay nagkakaroon ng magandang kita mula sa kanilang ani. Ngayon, ang panahon ng anihan ay isang pinapanabikang panahon dahil hindi na sila nangangamba sa kanilang gagastusin para sa ipapakain sa mga tutulong umani at sa halip, ang kanilang kita ay

kanilang nang maipangpupuno para sa pangangailangan ng kanilang pamilya. Ang aking pinagtatakahan ay bakit tinutulungan ng iglesia ang ibang mga tao kahit na ang mga ito ay hindi mga mananampalataya? Mabuti sigurong tanungin ko na lamang sila…

Komunidad # 3: May isang nayon na kanilang ginawa ang "Pagpapamalas ng Pag-ibig" o 'Acts of Love' na regular na bahagi ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sila'y gumagawa ng "Pagpapamalas ng Pag-ibig" lingo-lingo. Sa katotohanan nga, itong kasanayan ay naging Karaniwang pamamaraan na ng kanilang pamumuhay sa ngayon, kailanman may makita ang isa ng pangangailangan, sila ay titigil sa kanilang ginagawa at magsisikap na masolusyunan ang problema. Kung may mga bato o mga basura sa daan, sila'y hihinto upang tanggalin ang mga ito. Ang kanilang nayon ay dating isa sa pinakamaruming nayon, di umuunlad sa bayan. Ngunit ngayon ay napakalinis na nito at kanilang mabuting napapangalagaan ang kanilang nayon. Sila ay kamakailan lamang ay nakapagtayo na ng kanilang magandang simbahan mula sa kita ng mga masisipag na kasamahan at ang kanilang pinagsama-samang ambag! Ang pagbabagong nangyari sa nayon ito ay nakita nang lahat na napadaan sa lugar na ito. At ito rin ay nararamdaman ng mga taga roon dahil sa kung papaano sila nakikitungo sa isa't-isa. Ang bawat isa sa nayong ito ay higit na masasaya at labis na nagpapasalamat na sila'y pinakitaan ng pagmamahal ng mga tao ng iglesia, pagmamahal na sapat upang kanilang makitaang mas mahusay na uri ng pamumuhay.

- Ano ang ginawa ng iglesia ayon sa kwento?
- Ano ang mga pagbabago na nangyari sa komunidad?
- Paano tumugon o ano ang naging reaksyon ng mga tao sa nayon?
- Ano ang naging pagtingin ng mga tao sa komunidad patungkol sa iglesia sa ngayon?
- Paano tayo magiging higit na katulad ng iglesiang ito?

Nais ng Diyos na makita ang ating komunidad na gumaling. Mula sa Kasulatan at sa ating mga kwento ngayon, ating makikita na ang pag-asa ng ating komunidad upang gumaling sa kalalgayan nito ay ang iglesia — ang mundo ay walang kakayahang makapagdala ng kagalingan. Tayo ang ilaw o liwanag na makapagtataboy o makapag-aalis ng kadiliman sa ating komunidad!

- Maaari po ba kayong magkwenta ng ilan ninyong mga estorya na naganap sa inyong komunidad na nagpakita o nagpapakita paano ang nagliliwanag na ilaw ay nagkaroon ng ipekto sa inyong mga kapitbahay?
- Mayroon bang Pagpapamalas ng Pag-ibig na nakagawa ng kaibahan sa inyong komunidad?
- Mayroon bang mga Pagpapamalas ng Pag-ibig na naka-abot sa mga tao na nasa labas ng inyong iglesia?
- Ano pa po ang dapat gawin ng iyong iglesia upang makapagliwanag ng inyong mga ilaw sa inyong komunidad?

Konklusyon

Sandaling huminto at tanungin ang sarili: Talaga bang ako'y naniniwala na ang Diyos ay may balak para sa Kanyang mga tagasunod—kasama ako at ang aking iglesia—na makalikha ng pagbabago na ikakahusay ng aking komunidad?

Manalangin na ang Diyos ay tutulong sa atin na tayo ay maniwala sa balakin ng Diyos, na Kanyang nais na gumawa sa pamamagitan natin na may kapangyarihan sa pagdadala ng ilaw o liwanag sa kadiliman ng ating komunidad. Humiling sa Diyos na Ipakita sa iyo ang isang paraan o daan na ika'y Kanyang magagamit bilang asin at ilaw, at tahimik na hintayin ang Kanyang kasagutan.

Aralin 2: Pagluluwalhati sa Diyos

Pangunahing mga Ideya:

1. Ang layunin nang pagiging ilaw o liwanag ay ang maluwalhati ang Diyos.
2. Kailangan nating maluwalhati ang Diyos sa lahat ng ating ginagawa.

Materyal:

- Wala

Panimula: Mahalaga para sa Diyos

Bago tayo magpatuloy ay ating balikan at tandaan ang ating natutunan mula sa unang aralin. Basahin ang **Mateo 5:16**: ***'Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit.'***

- **Bakit dapat pagliwanagin ang ating ilaw sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuting gawa para sa iba?**

Ang layunin sa paggawa ng mabubuti — ang pagiging asin at ilaw at paggawa ng Pagpapamalas ng Pag-ibig— ay upang luwalhatiin ng ibang tao ang Diyos! Tayo ay gumagawa ng Pagpapamalas ng Pag-ibig upang ang ating Diyos ay luwalhatiin ng tao. Sa araling ito ay ating makikita bakit ang pagluluwalhati sa Diyos o pagbibigay luwalhati sa Kanya ang ating pinakamahalagang layunin sa buhay.

Ang Ating Buhay ay Dapat Lumuluwalhati sa Diyos

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Tayo ngayon ay magbabasa ng isang sipi mula sa Matandang Tipan. Sa siping ito, ang mga Israelita—Ang Piniling Bayan ng Diyos—ay nakalabas na mula sa pagkaalipin at ngayon ay naglalakbay patungo sa lugar na ipinangako ng Diyos sa kanila. Ito ay isang napakalayong paglalakbay sa lugar ng mga disyerto. Nang sila'y makarating sa hangganan ng lupa na ipinangako ng Diyos sa kanila, nagsugo sila ng mga espiya sa bansang ito at nakita nila na ang bansang ito ay puno ng mga kamangha-manghang mga bagay—tulad ng mga malalaking mga ubas na kailangang itong pagtulungan ng dalawang tao mabuhat lamang ang mga ito. Ngunit, may nadiskubre rin silang problem—ang bansang ito ay may maraming malalakas na sundalo. Dalawa sa mga espiya ay nagbigay ng magandang ulat tungkol sa mga magagandang mgabagay tungkol dito ngunit ang iba pang mga espiya ay nagbigay ulat tungkol sa mga problema na kanilang nakita. Atin Basahin kung ano ang nangyari.

Basahin ang **Mga Bilang 14:1–20** *"1 Nalungkot ang buong bayan ng Israel at magdamag na nag-
iyakan. 2 Nagbulungan sila laban kina Moises at Aaron. Ang sabi nila, "Mabuti pang namatay na tayo sa Egipto
o kaya'y sa ilang 3 kaysa tayo'y patayin ng ating mga kaaway sa lupaing pinagdalhan sa atin ni Yahweh, at
bihagin ang ating asawa't mga anak. Mabuti pa'y bumalik na tayo sa Egipto." 4 At nag-usap-usap sila na
pumili ng isang lider na mangunguna sa kanilang pagbalik. 5 Sina Moises at Aaron ay nagpatirapa na nakikita
ng buong bayan. 6 Dahil sa hinagpis, pinunit nina Josue na anak ni Nun at Caleb na anak ni Jefune ang kanilang
kasuotan. 7 Sinabi nila, "Mainam ang lupaing tiningnan namin, saganang-sagana sa lahat ng bagay. 8 Kung
malulugod sa atin si Yahweh, ibibigay niya sa atin ang lupaing iyon na mayaman at sagana sa lahat ng
bagay. 9 Huwag lamang kayong maghihimagsik laban sa kanya. Magtiwala kayo sa kanya at huwag matakot
sa mga tagaroon. Madali natin silang matatalo. Kasama natin si Yahweh at ginapi na niya ang kanilang mga*

diyos. Kaya huwag kayong matakot." [10] Ngunit binantaang babatuhin ng taong-bayan sina Josue at Caleb. Kaya't ipinakita ni Yahweh ang kanyang kaluwalhatian sa ibabaw ng Toldang Tipanan. [11] Itinanong ni Yahweh kay Moises, "Hanggang kailan ako hahamakin ng mga taong ito? Kailan pa sila maniniwala sa akin samantalang nasaksihan naman nilang lahat ang mga himalang ginawa ko para sa kanila? [12] Padadalhan ko sila ng salot at aalisan ng karapatan sa mana. At ikaw ang gagawin kong ama ng isang bansang higit na marami at makapangyarihan kaysa kanila."

[13] Sumagot si Moises, "Malalaman ng mga Egipcio ang gagawin ninyong iyan. Alam pa naman nila na ang Israel ay inilabas ninyo sa Egipto sa pamamagitan ng inyong kapangyarihan. [14] At kung ito'y sabihin nila sa mga taga-Canaan, alam din ng mga iyon na ang Israel ay pinapatnubayan ninyo. Alam nilang kayo ay harap-harapang nagpapakita sa Israel at ang bayang ito'y inyong pinapatnubayan sa pamamagitan ng haliging ulap kung araw at haliging apoy kung gabi. [15] Kung lilipulin ninyo sila, sasabihin ng lahat na [16] nilipol ninyo ang Israel sa ilang sapagkat hindi ninyo sila kayang dalhin sa lupaing ipinangako ninyo sa kanila. [17] Kaya nga, isinasamo kong minsan pa ninyong ipakita ang inyong kapangyarihan tulad ng sinabi ninyo noong una, [18] 'Si Yahweh ay hindi madaling magalit, mahabagin at handang magpatawad. Subalit hindi niya ipinagwawalang-bahala ang kasamaan, sapagkat ang kasalanan ng mga magulang ay kanyang sisingilin hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi.' [19] Isinasamo ko nga, Yahweh, patawarin na ninyo ang mga taong ito at patnubayan sila tulad ng inyong ginagawa mula nang sila'y ilabas ninyo sa Egipto, sapagkat kayo ay Diyos ng pag-ibig, at handang magpatawad sa mga nagkasala." [20] Sinabi ni Yahweh, "Dahil sa panalangin mo, pinapatawad ko na sila."

Sa siping ito, ang bayan ng Israel ay nagkasala. Sa halip na magtiwala sa pangako ng Diyos sa kanila, sila'y nagsipagreklamo laban kay Moises at laban sa Diyos, na kanilang sinasabing mas mabuti pa silang nanatiling alipin sa Ehipto o mamatay sa Ehipto kaysa sa mamatay sa disyerto (vv. 1-4). Bilang tugon sa kanila, ang Diyos ay nagsabing Kanyang wawasakin ang mga Israelita at sa halip gagawa na lamang ng bagong lahi na mula kay Moises. At si Moises ay lumapit sa Diyos at nagmaka-awang huwag itong gawin.

- Sa mga talatang 13–16, ano ang dahilan na ibinigay ni Moises upang huwag gawin ng Diyos ang kanyang sinabi?
    - *Maririnig o malalaman ng ibang bansa ang pagkawasak ng Israel at kanilang sasabihin na hindi kaya ng Diyos tumupag nang Kanyang mga pangako.*
- Ano ang pinag-aalala ni Moises?
    - *Ang reputasyon ng Diyos, kung ano ang paniniwalaan ng iba tungkol sa Diyos.*

Ang pinag-aalala ni Moises kung Kanyang wawasakin ang mga Israelita ay ang iisipin ng mga taga-Ehipto na ang Diyos ay walang kakayahang tumupad ng Kanyang pangako na Kanyang dadalhin ang mga ito sa lupang Kanyang ring ipinangako. Ang pinag-aalala ni Moise ay ang reputasyon ng Diyos—Ang Kanyang kaluwalhatian! Siya'y nagtataka, 'Ano ang iisipin ng mga hindi kristiano tungkol sa Diyos kung ito'y mangyayari?' Hindi sinasabi ni Moises, 'Huwag mong wasakin ang mga Israelita dahil kami'y mababait na mga tao' o 'dahil lalabas na mahina akong uri ng lider.'

Ang pangunahing pinag-aalala ni Moises ay ang reputasyon ng Diyos.

- Iyo bang kinukunsidera ang reputasyon ng Diyos?
- Dapat ba bilang mga Kristiano na ating paka-isipin ang reputasyon ng Diyos (hal., Kanyang Kaluwalhatian?)? Bakit o bakit hindi?

Basahin ang **I Corinto 10:31** ***"Kaya nga, kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos."***

- Ayon kay Pablo, kailan tayo dapat nag-aalala para sa kaluwalhatian ng Diyos?
    - *Kapag tayo ay gumagawa ng anuman—kahit ang simple, pang-araw-araw na gawain tulad ng pagkain at pag-inom.*
- Kung ang mga bahay ng mga Kristiano ang hindi napapanatiling maayos sa komunidad, ang kanilang mga ari-arian ay hindi napapangalagaan, ang kanilang mga anak ay marurumi ang sinusuot na mga damit, ano sa inyong palagay ang iisipin ng mga tao sa komunidad patungkol sa kanilang Diyos?
    - *Sila ay magtataka kung kaya ba talaga ng Diyos na pangalagaan ang mga sa Kanya, maaaring isipin nila na tanging espiritwal na bagay lamang ang pinahahalagahan ng Diyos at hindi na ang pisikal kalalagayan ng kanilang mga pamilya.*
- Ibig sabihin ba nito na kailangan nating maging mayaman o perpekto upang ating maluwalhati ang Diyos at upang tayo ay hangaan ng tao?
    - *HINDI! Sa katotohanan nga, ang ating Panginoong Jesus mismo ay ipinanganak sa isang mahirap na pamilya. Ganon pa man, kailangan nating gawin ang pinakamahusay sa anumang ibinigay sa atin ng Diyos. Kailangan nating gamitin ang naririyan na mga resorses at ating mga kakayahan upang magbigay karangalan o dangal sa Diyos.*

Tayo ay tinawag ng Diyos upang makapagbigay luwalhati sa Diyos sa lahat ng ating ginagawa. Narito ang isang kwento na makapagpapaliwanag ng larawang nito.

Mayroong isang pamilya na napilitang lumipat sa isang kampo ng mga 'Refugee' dahil sa nagaganap na giyera sa kanilang bansa. Bago ang digmaan, ang kanyang pamilyang ay napakayaman. Ngayon, mula sa magarbong bahay ay sa isang bahay na gawa sa putik sila tumitira. Hindi inaasikaso ng kanyang misis ang kanilang simpleng bahay at di kalaunan nga ay nasira na ito agad. Laging hinahanap-hanap ng kanyang misis ang kanilang magandang bahay at kung ano ang wala sila ang tangi niyang naiisip. Malalipas ang ilang panahon, dumating ang kanyang kapatid na lalaki upang manirahan kasama nila. Kanyang winawalisan at nililinis ito, kinumpuni ang ilang mga sira nito, at naglagay ng mga bulaklak sa bahay upang magdala kahit ng mumunting kagandahan ng Diyos sa loob ng bahay. Siya'y nanatili pa roon ng ilang mga lingo habang ginagawa itong mga simpleng gawain na di kailangang gumastos. Sa paglalagay ng mga halaman at bulaklak, at pagpapanatili sa bahay na malinis at maayos, ang pakiramdam sa loob ng tahanan ay nagbago. Ito ay nagbigay ng pag-asa di lamang sa asawa ng kanyang kapatid, kundi sa buong pamilya, ganun na rin sa kanilang mga kapitbahay. Kahit na ang pamilya ay mahirap pa rin at ang kanilang bahay ay maliit at simple lamang, ginamit ng kapatid kung ano ang meron sila upang magbigay luwalhati sa Diyos sa gitna ng kanilang mahirap na sitwasyon.

MALILIIT NG MGA GRUPONG AKTIBIDAD

Sa inyong maliliit na mga grupo, bumuo ng maraming ideya hanggang makakaya para sa 2 tanong na ito.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Kung kinakailangan, simulan ito sa pagbibigay ng ilang mga ideya nang sama-sama upang kanilang maunawaan kung anong uring sagot ang maaari. Kapag tapos na ang mga grupo, pahintulutan silang iulat sa lahat ang kanilang nabuong mga ideya.*

Ano ang ilang kaparaanan na ating MAITATATAG ang reputasyon ng Diyos sa mga di-kristiano?	Ano ang ilang kaparaanan na ating MASISIRA ang reputasyon ng Diyos sa mga di-kristiano?
Pag-aaruga sa ating mga anak *Pagmamahal sa ating kabiyak* *Maayos na pagtatrabaho* *Paglilingkod sa iba* *Pagsunod sa malulusog na kasanayan* *Pag-aasikaso sa kapaligiran, mga hayop, at alagang mga hayop* *Pagpapanatiling malinis ng ating ari-arian*	*Di-pag-aaruga sa pamilya* *Pagsira sa kapaligiran* *Di-pag-iingat sa katawan (sigarilyo at droga)* *Madaling magalit* *Pagiging madaya (Negosyo/pang-araw-araw)* *Di-pagiging tapat sa kabiyak* *Pananakit sa mga anak, misis, mister at mga sa mga hayop*

PAG-UULAT NG MGA MALILIIT NA MGA GRUPO

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Kapag titingnan ng mga tao ang iyong buhay, sila ba'y mag-iisip, 'Ang Diyos ay kahanga-hanga. Ang Kanyang kautusan ay pawang mabubuti. Ang Kanyang mga plano ang pinakamahusay!' o sila ba ay mag-iisip na ang ating Diyos ay hindi gaanong makapangyarihan at hindi gaanong mahalaga?
- Atin bang sinusunod ang Diyos sa bawat bahagi o erya ng ating buhay? Maayos ba tayong magtrabaho? Atin bang pinakikitunguhan ang iba na may pag-ibig? Atin bang ginagamit ang ating pananalapi ng may katalinuhan? Tayo ba ay tapat? Tayo ba ay mapagbigay? Ano ang kakaiba na ating magagawa?

Embahador ng Diyos

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Ang reputasyon ng Diyos ay napakahalaga. Kanya tayong tinawag na Kanyang Embahador.

Basahin ang **II Corinto 5:20** ***"Kaya nga, kami'y mga sugo ni Cristo; ang Diyos mismo ang nakikiusap sa inyo sa pamamagitan namin. Kami'y nakikiusap sa inyo alang-alang kay Cristo: makipagkasundo kayo sa Diyos."***

- Ano ang isang embahador?

Panuto para sa Pasiliteytor: *Palitan ang mga bansa ng mga bansang pamilyar sa mga kalahok.*

Ang isang embahador ay isang tao na nagtutungo sa ibang bansa upang irepresenta ang kanyang sariling bansa. Halimbawa, sa America ay mayroong Filipinong embahador. Siya ay responsible sa pagrerepresenta ng Pilipinas sa bansang America. Kung ang gobyerno ng Pilipinas ay gagawa ng isang desisyon, ang Filipinong embahador ang mangungusap nito sa America. Kanya rin ipinamamahagi o itinuturo ang tungkol sa kultura at mga tao nito. Kanyang hinihimuk ang mga ito na bumisita sa Pilipinas, magtayo ng negosyo sa Pilipinas, at bumili ng mga produktong Filipino. Kanya ring inirerepresenta ang Filipinas sa mga pagkakatipon at humaharap din siya sa publiko—lahat ng kanyang sinasabi at ginagawa, kahit ang pamamaraan ng kanyang pananamit, ay may pagkakahulugang pagdadala ng karangalan, dangal at benipisyo para sa kanyang bansa.

Tayo rin ay mga embahador, ngunit para sa kaharian ng Diyos. Kapag ang mga tao ay tumitingin sa atin at sa ating buhay, kanila dapat nakikita kung anong klaseng buhay ang mamuhay sa kaharian ng Diyos.

- Ano ang sinasabi ng ating pamumuhay sa mga tao patungkol sa uri ng buhay sa kaharian ng Diyos?

Ating isipin paano natin inirepresenta ang Diyos sa lingong lumipas na ito. Kapag titingnan ng iba ang iyong buhay, ano kaya ang kanilang maunawaan patungkol kung sino ang Diyos?

MAY KAPAREHANG AKTIBIDAD

Kasama ang iyong kapareha, mag-isip ng ilang mga espisipikong mga bagay na iyong gagawing kakaiba sa lingong ito. Manalanging magkasama na kayo's tulungan ng Diyos na inyong magawa ang mga pagbabago o kakaibang mga bagay na nais ninyong gawin sa lingong ito.

Konklusyon

Ang mamuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos ay magpupuno sa atin ng kaligayahan sa lahat ng sitwasyon.

Ayon sa **Juan 15:10-11**, sinasabi ni Jesus na, ***"10 Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig, kung paanong tinupad ko ang mga utos ng aking Ama at ako'y nananatili sa kanyang pag-ibig. 11 "Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang mapasainyo ang kagalakan ko at nang sa gayon ay malubos ang inyong kagalakan."***

Ating sinimulang ang ating aralin sa pamamagitan ng pagbabasa mula sa **I Pedro 2:9**. At sa talatang **12**, si Pedro ay patuloy na nagsasabing, ***"Mamuhay kayo nang maayos sa gitna ng mga Hentil [o sa gitna ng mga di-kristiano] upang kahit na paratangan nila kayo ng masama, makikita nila ang inyong mabubuting gawa at magpupuri sila sa Diyos sa Araw ng kanyang pagdating."***

Ang ating layunin sa pamumuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos ay upang lumuwalhati rin ang iba sa ating Diyos. Hindi po ba kahanga-hanga na ang pamumuhay sa ganitong paraan ay higit tayong pinagpapala ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng kagalakan?

Aralin 3: Tutuong Kristianismo

Pangunahing Ideya:

1. Ang Tunay na Kristianismo ay nagmumula sa kung sino tayo mula sa loob, hindi sa panglabas na mga aktibidad. Ang mga aktibidad na mga ito ay dapat bunga lamang ng ating pag-ibig sa Diyos.

Materyal:

- Tulong sa Pagpapasilita: Kard ng Pagsasadula ng 3 Tauhan
- 3 kandila at Pospuro (Opsyonal na Aktibidad)

Panimula

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

- Paano mo maisasalarawan ang isang tutuong Kristiano? Papaano mo makikilala ang isang tao na isang tunay na Kristiano? Bumuo ng listahan ng mga bagay na kanilang ginagawa o nang mga katangian na mayroon sila.

PAG-UULAT

Panuto para sa Pasiliteytor: *Hayaang makapag-ulat ang bawat grupo at magbahagi ng ilang mga katangian na kanilang nailista. Pagkatapos ay hilingin ang lahat na kanilang Tingnan ang kanilang listahan. Gaano karami ang mga nasa listahan na mga aktibidad tulad ng pagsisimba, pagbabasa ng Biblia, pananalangin, nagtuturo, nagpapakanta at iba pa? Gaano karami ang mga tungkol sa katangian tulad ng pagiging tapat, hindi nagsisinungaling? Aling listahan ang mas marami?*

Ngayon ay ating titingnan ang tatlong Karaniwang halimbawa ng katangiang Kristiano.

Tauhan # 1: Tanging Panglabas lamang

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD: DULA-DULAAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Kailangan mo ng 3 kalahok. Habang iyong ibinibigay ang* ***TULONG SA PAGPAPASILITA*** *na mga kards para sa dula-dulaan, siguruhing nakahanda ang mga kalahok na umarte sa mga sumusunod na paraan:*

- 1st tauhan: mayabang na mayabang
- 2nd tauhan: mapanghusga at mainisin
- 3rd tauhan: mapang-aruga, mapagpakumbaba, at madaling magsisi sa maling nagawa

Katangian # 1: (MAYABANG NA MAYABANG)

Ang sarap ng aking pakiramdam! Ang daming taong nakinig sa aking mensahe kanina sa bayan. Dahil sa aking malakas na sound system ay napakinggan ng lahat ang aking napakahalagang panalangin at mga espiritwal na turo. Naituro ko sa kanilang lahat ang lahat ng paraan paano sila dapat mamuhay. Alam kong nakumbinse ko silang lahat, dahil lahat sila ay nagtaas ng kanilang kamay upang tanggapin ang Panginoong Jesus sa kanilang buhay. Ako talaga ang pinakamahusay na evangelista sa lugar na ito—wala ni isa ang makagawa ng tagumpay na aking narating! Hindi naman katakataka: 2 oras ako nananalangin at isang oras akong nagbabasa ng Biblia araw-araw. Noong nakaraang linggo, 3 araw akong nag-ayuno at humiling ako sa Diyos ng 150 kaluluwa na mailalapit ko sa kanya at tatanggap sa Kanya. At sigurado ako na nang nakita N'ya gaano ako katagal manalangin, magbasa ng Biblia, at mag-ayuno kaya Kanyang sinagot ang aking panalangin. Ang iba kasi dyan, di kasing espiritwal tulad ko. Di nila alam paano talaga dapat ipangako ang buhay para sa gawain ng Panginoon…

sa totoo lang! Naku, naririyan na naman ang kapitbahay naming lagi na lang lasing. Mukang di na naman makakauwi iyan at sa bangketa na naman makakatulog yan, eh alas singko pa lang ng hapon! Dapat talaga yang makarinig ng isa sa aking mga mensahe para magbago yan! Bahala s'ya, buhay n'ya yan, wala akong panahon sa ganyang mga tao—oras na para manalangin ako! (Nagmamadaling umalis.)

- Paano mo isasalarawan ang unang tauhan?
    - *Nag-aalala lamang para sa kanyang kaluwalhatian o karangalan; interesado sa espiritwal na mga bagay, hindi sa Pagpapamalas ng Pag-ibig.*
- May kakilala kayong tulad nito?

Ang ating unang tauhan ay tulad ng isang Pariseo. Ang mga Pariseo ay mga lider ng simbahan noong panahon ng ating Panginoong Jesus. Kanilang ipinangako ang kanilang buong buhay sa pag-aaral at pagtuturo ng Kautusan ni Moises. Ang kanilang lubos na inaalala ay ang kanilang pagsunod sa Kautusan ng Diyos at ang pamumuhay na perpekto sa 'banal na pamumuhay' na kanilang dinagdagan ng 365 na ipinagbawal na gawin at 250 pa na karagdagang kautusan mula sa 10 Utos na ibinigay ng Diyos na sa lahat na ito ay kanilang inaasahan na ang lahat ay susunod sa lahat nang ito. Ang mga Pariseo ay kinikilala na pinakabanal na mga tao. At ang mga pangkaraniwang mga tao ay hindi magiging singbanal ng mga Pariseo.

Subalit, paulit-ulit na ating mababasa sa Biblia na ang mga ito ay laging pinupuna ng ating Panginoong Jesus bagamat sila'y tinitingnan ng marami na mga 'banal na tao.' Sa katotohanan, ang pinakamasakit na salita ng Panginoong Jesus ay hindi N'ya sinabi sa mga taong katulad ng mga babaing nagbebenta ng panangdaliang aliw or sa mga manginginom/lasenggo, kundi, sa mga Pariseo. Ating basahin ang Kanyang sinabi sa kanila:

Basahin ang **Mateo 23:1–7, 23–28**.

- Mula sa mga talatang ito, ano sa inyong pananaw ang mga kasalanan ng mga Pariseo?
    - *Ang mga Pariseo ay tama ang mga ginagawa, ngunit mula sa kanilang kalooban ay makikita ang kasakiman, pagpapahalaga sa sarili lamang, kayabangan, at pag-aangat ng kanilang mga sarili.* ***Hindi sila talagang umaaruga sa mga tao*** *sa halip ay gumagawa ng mga malulupit na panuntunan, at hindi mga panuntunan ng Diyos. Hindi matupat ng mga tao ang panuntunang kanilang nilikha para sa mga tao. Bagaman, sila mismo ay hindi perpekto,* ***sila ay kumikilos na para silang mga perpekto at kanilang hinuhusgahan ng may kalupitan ang mga taong hindi perpekto****.* ***Ang mga Pariseo ay hindi naman talaga nag-aalala na makapamuhay ng may kabanalan gaya ng kanilang pagpapakita sa tao na sila'y mga banal****.*

Habang ang mga Pariseo at ang tauhan sa ating dula-dulaan ay matinding halimbawa nito, tayong lahat ay maaaring matukso na magpanggap na tayo ay mga espiritwal na mga tao kumpara kung sino talaga tayo ayon sa ating pamumuhay, o di kaya ay pamumuhay na parang mga tutuong mga Kristiano habang nabubuhay naman na malayo sa Diyos. Kailanman ay hindi naging interesado ang Diyos sa ating panglabas na ginagawa kaysa sa ating relasyon sa Kanya. Ang ating panglabas na mga ginagawa ay nararapat lamang na mula o bunga ng ating malapit at lumalagong relasyon sa Diyos.

Ngayon ay atin namang Tingnan ang ating ikalawang tauhan.

Tauhan # 2: Paglilingkod nang Walang Pag-ibig

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD: DULA-DULAAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Gamitin ang Kard mula sa* ***TULONG SA PAGPAPASILITA****.*

Tauhan 2: (Pag-arteng nabigo, na may masamang ugali, at lalong nagagalit habang tumatagal)

Ay! Ano ba namang klaseng araw ito oh! Pagod na pagod na ako! Ang daming oras ang kinakain ng mga gawain ng simbahang ito! Linggo-linggo na lang, ang daming tinutulungan iba. Kaya pala sabi ni Pastor na isa akong malaking biyaya para sa simbahan! Ngayon lang, tatlong tao ang aking binisitang may sakit at dinalhan ng mga pagkain. Noong nakaraang linggo naman, inayos ko ang bahay ng isa naming miyembrong balo … (Lalo nanag nagagalit) Hindi naman sa hindi ko siya nauunawaan. Pero ang babaeng iyon, hindi marunong man lamang magpasalamat. Ni hindi man lang nagsabing salamat at parang pakiramdam n'ya obligasyon ko pang tumulong sa kanya. Ayaw ko talaga nang mga taong ganuon. Hindi nila nauunawaan ang pagsasakripisyo na kailangan kong gawin matulungan ko lamang sila. Akala ba nila ay wala akong sariling pamilya na dapat ko ring tulungan. Sa tutuo lang talaga ha, di talaga s'ya marunong magpasalamat. Dapat man lang ay binibigyan nya ng karangalan ang tulong kong ibinibigay sa kanya. Mapapamura ka talaga sa ganyang mga tao, at mapapa-isip ka na lang na sana ay hindi ko na lang tinulungan ang taong iyon.

- Paano mo maisasalarawan ang tauhan # 2?
    - Masipag sa gawaing pangsimbahan ngunit may maling pag-uugali at motibo sa pagtulong.

Ang ikalawang tauhan ay nag-aalala lamang tungkol sa kanyang sariling reputasyon. S'ya nga ay gumagawa ng ilang mga Pagpapamalas ng Pag-ibig ngunit lumalabas din ang kanyang maling ugali at maling dahilan sa pagtulong—at ito ay upang s'ya ay papurihan. Atin namang Tingnan ang isa pang sipi sa Biblia na tumatalakay di sa problemang ito.

Basahin ang **I Corinto 13:1–3** ***"1 Makapagsalita man ako sa mga wika ng mga tao at ng mga anghel, kung wala naman akong pag-ibig, para lamang akong kampanang umaalingawngaw o pompiyang na maingay. 2 Kung ako man ay may kakayahang magsalita ng mensahe mula sa Diyos at umunawa sa lahat ng hiwaga, kung nasa akin man ang lahat ng kaalaman at lahat ng pananampalataya, anupa't nakakapagpalipat ako ng mga bundok, ngunit wala naman akong pag-ibig, wala akong kabuluhan. 3 At kung ipamigay ko man ang lahat ng aking mga ari-arian at ialay ang aking katawan upang sunugin [o ako'y makapagyabang], ngunit wala naman akong pag-ibig, wala rin akong mapapala!"***

- Mula sa mga talatang ito, ano ang kulang mula sa ikalawang tauhan? ***(Pag-ibig)***

Maliwanag na itinuturo ng Biblia sa atin, na, ang paglilingkod sa iba nang walang pag-ibig ay hindi kailanman ay hindi sapat. Ating maunawaan mula sa siping ito na tayo ay dapat may pagmamahal upang ang ating mga Pagpapamalas ng Pag-ibig ay maging makabuluhan.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Isiping lumapit sa iyo ang Tauhan # 2 upang humingi ng payo. Sila ay nakarinig ng mensahe mula sa **I Corinto 13** ngunit hindi lang nila maramdaman ang pangangailan na kanilang ipadama pa ang kanilang pag-ibig at sapat na, na sila ay tumutulong sa iba. Gustuhin man nilang ipadama ang kanilang pag-ibig pero paano nila mamahalin ang ilang mga tao? Lalo na yung iba na nakaka-init lamang ng ulo o nakaka-inis lamang tulungan. Anong payo ang iyong maiibigay sa Tauhan # 2 patungkol sa kung paano s'ya lalago sa pagmamahal sa iba?

PAG-UULAT

Ang Pinagmulan ng Pag-ibig

Kung ibig nating lumago sa pag-ibig, kailangan natin laging bumalik sa pinagmumulan ng Pag-ibig.

Basahin ang **I Juan 4:7–9** ***"[7] Mga minamahal, mag-ibigan tayo sapagkat mula sa Diyos ang pag-ibig. Ang bawat umiibig ay anak ng Diyos at kumikilala sa Diyos. [8] Ang hindi umiibig ay hindi kumikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig. [9] Inihayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang isugo niya sa mundo ang kanyang kaisa-isang Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya."***

- Saan nagmumula ang pag-ibig? Ang Pag-ibig ay nagmumula sa Diyos. Ang Diyos ay Pag-ibig.

Dahil ang pag-ibig ay mula sa Diyos, kailangan nating tumingin sa Diyos upang humingi at bigyan tayo ng pag-ibig upang tayo'y makapagmahal kapag hindi natin niibigang magmahal.

MALAKING GRUPONG DEMONSTRASYON (OPSYONAL)

Panuto para sa Pasiliteytor: *Pumili ng isang kalahok sa harapan. Bigyan s'ya ng kandila walang sindi. Sabihan ang kalahok na sindihan ang kandila. (Hindi magiging possible na masindihan ang kandila ng walang pagmumulan ng apoy.)*

Magtanong::

- Bakit hindi mo masindihan ang kandila?
    - *Dahil wala akong pangsindi.*
- Ano ang iyong kailangan?
    - *Posporo / lighter o anomang pangsindi*

Panuto para sa Pasiliteytor: *Hingin sa kalahok na manatili sa harapan. Magbigay ng isa pang kandilang walang sindi sa isa pang kalahok. Hilingin ang bagong kalahok na sindihan ang kandila ng kasama. (Muli ay hindi ito maaari dahil wala ring sindi ang bagong kandila).*

Magtanong:

- Bakit hindi mo masindihan ang kandila ng iyong kasama? *Dahil ang aking kandila ay walang apoy.*
- Inyo na po bang nauunawaan na hindi natin maaaring masindihan ang kandila ng iba kung ang ating kandila mismo ay walang sindi? *Tama po!*

Kung gaya ng sa kandila na hindi natin pwedeng sindihan ang kandila ng iba kung ang ating kandila rin ay walang sindi, ganoon din na hindi aapaw ang ating pag-ibig kung wala ang pagmumulan ng Pag-ibig.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Sa lamesang nasa harapan ng silid, sindihan ang isang malaking kandila.*

- *Sabihin, 'Si Jesus ang Liwanag ng mundo*. Ang pagmumulan ng ating liwanag ay mula sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Jesus.'
- *Hilingin ang ikalawang kalahok*, 'Kung ika'y lalapit sa pinagmumulan ng ilaw, maaari mo na bang mapailaw ang iyong kandila?' *(Opo.)*
- *Hilingin itong sindihan ang kanyang kandila.*
- *Sabihin,* 'Ngayon na ika'y puno na ng liwanag, o may ilaw ka na dahil sa iyong paglapit at pagsisindi mula sa pinagmulan ng ilaw, ngayon, maaari mo na bang sindihan ang kandila ng iyong kasama' *(Opo.)*
- *Hilingin na sindihan nito ang kandila ng kasama.*

- Ano ang ating matututunan mula sa demonstrasyong ito?

    - *Si Jesus ang Ila at pinagmumulan ng ating pag-ibig. Hindi tayo magkakapagmahal ng husto hanggang hindi natin natatanggap ang Kanyang pag-ibig.*

Maliwanag na kinakailangan nating lumapit sa pinagmumulan ng Pag-ibig upang tayo ay lumago sa pag-ibig na magbibigay sa atin ng kakayahan ipamalas sa iba ang Pag-ibig ni Kristo.

Paglago sa Pag-ibig

Gaya ng ating nabanggit, maaari tayong lumago sa pag-ibig sa pamamagitan ng pananalangin at paghingi sa Diyos na Kanya palaguin ang ating pag-ibig. Narito ang iba pang mga ideya.

1. MANALANGIN PARA SA IBA
    - Ang pag-ibig ay lalago habang ating ipinapanalangin ang ibang tao—kahit na yaong mga taong hindi natin gusto. Hilingin ang Diyos na bigyan ka ng pag-ibig upang mahalin sila. Habang ika'y gumugugol ng panahon sa araw-araw sa pananalangin sa kanila, magugulat ka na lamang paano babaguhin ng Diyos ang iyong pag-uugali tungo sa kanila. Ito ay nangangailangan ng oras at panahon!
2. GUMAWA / SUMUNOD
    - Ang pag-ibig ay lalago sa ating paggawa; ang pag-ibig ay hindi lamang isang damdamin. Minsan ito ay isang pagkilos. Kaya, kahit na hindi mo nararamdamang magmahal, maaari pa rin nating maipakita ang ating pag-ibig sa iba at patuloy na manalangin na ang iyong pag-ibig ay lalago.
3. MAGLAAN NG PANAHON UPANG HIGIT NA MAKILALA ANG IBA
    - Kadalasan, habang ating nakikilala ang iba, ang ating pagmamahal sa kanila ay lumalago rin.

Pakatandaan: Ang pag-ibig sa iba ay hindi nangangahulugang sumasang-ayon ka sa lahat ng kanyang ginagawa. Kung isang tao ay nagkakasala, kailan man ay hindi tayo sumasang-ayon sa kanyang kasalanan, ngunit sinisikap nating mahalin pa rin s'ya. Ang ating Panginoong Jesus ay naglaan ng oras at panahon sa mga babaeng nagbebenta ng aliw, maniningil ng buwis at iba pang mga taong nakagawa ng mga masasama sa kapwa. Kailanman ay hindi S'ya aprubado sa kanilang mga kasalanan, ngunit minamahal N'ya sila. Siya'y kumakaing kasama nila, naglaan ng panahon at oras kasama nila at Kaniyang pinaglilingkuran sila dahil minamahal N'ya sila.

Tauhan # 3: Ang Paglilingkod na Puno ng Pag-ibig

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD: DULA-DULAAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Gamitin ang kard mula sa* ***TULONG SA PAGPAPASILITA****.*

Tauhan # 3: (May pagpapakumbaba at pagsisisi)

Lagi kong hinahangaan sina (tauhan # 1) at (tauhan # 2). Napaka espiritwal nila at ang dami-daming kanilang nagagawa para sa simbahan. At pakiramdam ko nga ay hindi ako magiging kasing galing nilang dalawa. Ngayon nga lamang, hindi ko nagawa ang aking kagustuhang manalangin ng taimtim at matagal, hindi pa nga ako nagtatagal sa aking pananalangin ay narinig kong nahulog ang aking anak at nasugatan ang kanyang tuhod, kaya, huminto ako sa panalangin ko, nilinis at nilagyan ko muna ng gamot ang kanyang sugat. Pagkatapos ay

kailangan ko nang dalhin ang mga bata sa eskwelahan. At pagkatapos ay diretso na ako sa aking trabaho. Noong pauwi na ako kanina, dumaan ako sa isang nabalong kapitbahay. Kaawa-awa s'ya—dahil sa pagkamatay ng kanyang asawa ay galit na galit s'ya. Naaawa talaga ako sa kanyang sitwasyon. Ilang oras din kaming nagkwentuhan habang tinutulungan ko s'ya sa kanyang mga sinampay, at nanalangin na rin kami. Parang sumaya nga s'ya matapos naming manalangin, pero sana ay mas marami pa akong magawang tulong para sa kanya. Ang bigat-bigat talaga ng aking pakiramdam para sa kanya. Kung mas espiritwal lang sana ako gaya ng ibang mga kasama ko, mas marami siguro akong magagawa. (Yuyuko) Aking Ama sa langit, patawarin mo po ako sa mga pamamaraan kong hindi perpekto. Nais kong mamuhay na may karangalan para sa iyo. Ipakita mo nawa sa akin paano ko dapat gugulin ang aking oras at paano ko dapat mahalin ang iba gaya ng nais Mo. Kailangan ko po ang inyong tulong; Alam ko pong hindi ko ito magagawa ng ako lamang.

- Paano mo maisasalarawan ang tauhan # 3?
    - *mapagpakumbaba, maaruga, ang pagtulong ay bahagi ng kanyang pag=araw-araw na buhay. S'ya ay tunay na asin at ilaw.*
- Paano n'ya ginugol ang kanyang oras? *Paggawa ng Pagpapamalas ng Pag-ibig, may pagnanais na makapanalangin ng taimtim at matagal.*
- Paano mo malalaman na s'ya ay may pusong puno ng pagmamahal? *Kanyang nararamdaman ang nararamdaman ng kapitbahay, at kanyang hinahanap ang kaluwalhatian ng Diyos.*

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Basahin ang **Lucas 18:9-14** *"9 Sinabi rin niya ang talinghagang ito sa mga taong matuwid ang tingin sa sarili at hinahamak naman ang iba. 10 "May dalawang lalaking pumasok sa Templo upang manalangin, ang isa ay Pariseo at ang isa ay maniningil ng buwis. 11 Tumayo ang Pariseo at nanalangin nang ganito: 'O Diyos, nagpapasalamat ako sa iyo sapagkat hindi ako katulad ng iba na mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya, o kaya'y katulad ng maniningil ng buwis na ito. 12 Dalawang beses akong nag-aayuno sa isang linggo at nagbibigay rin ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita.' 13 Samantala, ang maniningil ng buwis nama'y nakatayo sa malayo at di man lamang makatingin sa langit. Dinadagukan niya ang kanyang dibdib at sinasabi, 'O Diyos, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan!' 14 Sinasabi ko sa inyo, ang lalaking ito'y umuwing matuwid sa harapan ng Diyos, at hindi ang Pariseo. Sapagkat ang sinumang nagmamataas ay ibababa at ang nagpapakababa ay itataas.""*

- Sino ang pinuri ng Diyos sa siping ito? *Ang maniningil ng buwis*
- Ano ang nakakagulat tungkol dito? (Tandaan ang ating natutunan tungkol sa mga Pariseo.) *Ang lalaki at hindi ang Pariseo ang umuwing matuwid*
- Alin sa tatlong dula-dulaan ang pinakamahusay na pagsasalarawan sa uri ng Kristianismo na nais o hinahanap ng Diyos? Bakit? *Ang pangatlo, dahil….*
- Ating balikan ang inyong orihinal na larawan ng isang tunay na Kristiano. Ano ang mga pagbabagong gagawin mo ayon sa ating araling ito?

Ang ikatlong tauhan ay gumawa ng Karaniwang gawain, pag-araw-araw na trabaho na ang puso ay nagnanasang maluwalhati ang Diyos. S'ya'y walang espesyal na kwalipikasyon at hindi nga s'ya tulad ng ilang may mga pambihirang kakayahan, ngunit mayroon siyang puso na puno ng pag-ibig at espiritung handang gumawa ng Pagpapamals ng Pag-ibig. S'ya'y nagpakita ng kabutihan at hinahanap ang Diyos sa panalangin. S'ya'y tapat sa kanyang pang-araw-araw na gawain at tumutugon rin sa pangangailangan ng mga tao sa kanyang paligid. Ang pangatlong tauhang ito ay nagpapakita sa atin na hindi natin kinakailangang maging perpekto upang makapaglingkod! Ang nais ng Diyos ay ating ipagkaloob kung ano ang meron tayo sa pang-araw-araw para sa Kanyang kaluwalhatian.

Ang paglilingkod sa iba na may pusong puno ng pag-ibig ang siyang magdadala sa Diyos ng kaluwalhatian at magdudulot sa iba na purihin ang ating Diyos! Hindi tayo maaaring maging tunay na liwanag sa mundong ito kung wala tayong pusong puno ng pag-ibig sa iba. At ang tanging paraan upang magkaroon ng pusong puno ng pag-ibig ay ang hanapin ang kaluwalhatian ng Diyos bago nang sa atin.

Konklusyon

Sa huling ilang mga aralin ay ating matatandaang muli ang maraming paggawa ng isang Kristiano—dapat tayong maging asin at ilaw, at kailangan nating magbigay sa Diyos ng kaluwalhatian. Ngunit hindi natin dapat kalilimutan na ang abilidad upang ating magawa ang mga ito ay mula sa Diyos. Ito ay nagsisimula sa pagkakaroon ng tamang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus. Kung wala ito ay magiging tulad lamang tayo nang unang dalawang tauhan sa ating dula-dulaan—maaaring ginagawa lamang natin ang tama sa panglabas habang ang katotohanan ay malayo ang ating buhay sa Diyos o di kaya ay gumagawa tayo ng tama ngunit walang pag-ibig at maiinis lamang tayo kung di napapahalagahan ang ating mga ginagawang tama.

PERSONAL NA PAGMUMUNI-MUNI

Muling isipin ang mga tauhan sa ating dula-dulaan—kanino tayo higit na natutulad? Hingin sa Diyos na saliksikin ang iyong puso at ipakita sa iyo ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong:

- Gusto ko bang nakakatanggap ng papuri o kaluwalhatian dahil sa mga bagay na ginagawa ko? O higit kong inaalala ang papuri ng iba kaysa sa akin?
- Akin bang taus pusong hinahanap ang Diyos, o ginagawa ko ang tama upang makita ng iba? Isa sa mga paraan ay ang pagkilala kung sino ako kapag walang nakatingin na iba. Paano mo pinakikitunguhan ang iyong pamilya kapag walang nakatingin na iba? Gaano ako kakumited sa mga bagay para sa Diyos kung walang nakatingin na iba? Tunay ba akong nagmamahal o higit akong interesado na maisip ng iba na ako ay banal?
- Tunay ko bang nagmamahal ang aking kapwa, o kailangan kong hingin sa Diyos na Kanyang baguhin ang aking puso upang tunay kong maibig at maipakita ang pagmamahal na ito sa aking kapwa?

Manalanging mag-isa, o kasama ang isang kapareha, o kasama ang higit na marami na baguhin ng Diyos ang ating puso at ginagawa upang tunay na maipamalas ang liwanag ng Kanyang pagmamahal sa ating kani-kaniyang mga komunidad.

Ang ating susunod na aralin ay magtuturo sa atin paanong espiritwal na lumago upang ang ating mga puso ay maging kaaya-aya sa Diyos.

Aralin 4: Pagwawaksi ng Kasalanan at Pagbabago ng Ating Isipan

Pangunahing Ideya:

1. May mga hakbang na atin dapat gawin nang sa gayon ay mapagtagumpayan ang kasalanan at upang tayo ay maging tulad ng asin at ilaw sa ating komunidad.

Gagamiting mga Materyal:

- Gabay ng Kalahok: Mga hakbang upang Mapagtagumpayan ang Kasalanan (may mga talata at mga larawan)
- Tulong sa Pagpapasilita: Itim na Tuldok na Laro (magpa-imprenta o lumikha ng sapat na bilang ng mga kard na ang bawat isa ay mayroong isang kard – gupitin ang unang hilera ng mga Itim na Tuldok at ipakita sa mga kalahok at gupitin ang natitirang itim na mga tuldok at ilagay sa isang sisidlan o sobre)
- Tulong sa Pagpapasilita: Anim na mga Larawan – tatlo para sa mga hakbang sa 'Pagwawaksi ng Kasalanan' at tatlo naman para sa 'Pagbabago ng Isipan'
- Poster ng 9 na mga Hakbang upang Mapagtagumpayan ang Kasalanan (Lumikha o isulat sa putting pisara) ng may agwat sa isa't-isa.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Mahalaga na mainsayo ang sarili sa pagdedemonstreyt ng araling ito bago gawin sa harap ng mga kalahok upang iyong masiguro na magiging epektibo sa pagbibigay diin sa katotohanang itinuturo. Dagdag pa rito, ang pagpapasilita sa malaking grupo ay nangangailangan ng mga paglalahanda upang masiguro na nakahanda ang lahat na gagamitin bago pa man ang pagpapasilita.*

Panimula: Pagkawala ng Ating Alat

Sa Aralin # 1 ay binasa at sinimulan nating aralin ang **Mateo 5:13** "*Kayo ang asin ng sangkatauhan. Ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Hindi ba wala na itong kabuluhan kundi ang itapon at tapakan ng mga tao?*"

Ating pinag-usapan ang kahalagahan ng asin at papaano natin maitutulad sa asin ang ating mga sarili sa ating mga komunidad. Ngayon naman ay ating balikan ang ikalawang bahagi ng talata—ano ang mangyayari kung ang asin ay 'mawalan na ng alat.'

Pagwawaksi ng Kasalanan

- Ano ang kasalanan? *(maling gawi, masamang pag-iisip at gawang may maling pagnanasa, masaktan ang Diyos)*
- Ano ang ibig sabihin ng maging 'makasalanan? *(nais nating sumala, may kasanayan na tayong magkasala, our natural tendency is to sin, we have sin in our lives)*

Inaalis ng kasalanan ang ating alat at ang pagiging epektibo ng ating buhay sa komunidad. Tayo ay maglalaro ng isang simpleng laro upang ating makita kung sinu-sino sa ating ang may pangangailangang magtagumpay sa kasalanan at sino sa atin ang may malinis na buhay o walang kasalanan.

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD: Ang Itim na Tuldok na Laro

Panuto para sa Pasiliteytor: *Ipakita sa mga kalahok ang dalawang kard mula sa* ***TULONG SA PAGPAPASILITA****: ang isa ay walang itim na tuldok at isa ay may tuldok.*

Ang walang itim na tuldok ay nagrerepresenta sa isang dalisay na puso na walang kasalanan at ang puno ng itim na tuldok ay nagrerepresenta sa isang pusong makasalanan.

Para sa aktibidad na ito, ating gagamitin ang harapan ng silid na ito. Ang silid na ito ay nahahati sa dalawang erya ngayon:

- Erya 1 – 'Makasalanan'
- Erya 2 – 'Di Makasalanan'

<u>Panuto para sa Laro:</u>

1. Ang bawat isa sa inyo ay tatanggap ng isang kard na mayroong tuldok. Ang kard na matatanggap ay siyang magtatakda kung saang erya ng silid ka pupunta: puno-ng-itim-na-tuldok = erya ng 'makasalanan,' o walang laman = ay sa 'di makasalanan' na erya.
2. HUWAG Tingnan ang kard hanggang hindi sinabing tingnan ito. Panatilihin itong hindi nakikita ninuman-- kahit na sa iyong sarili!

Panuto para sa Pasiliteytor*: Ipakita sa kanila ang kard mula sa* ***TULONG SA PAGPAPASILITA*** *na naglalaman ng itim na tuldok at ang pagkakaroon ng ganitong kard ay magpapadala sa kanila sa erya ng 'makasalanan.' Ipakita naman sa kanila ang tuldok na walang laman at kung ganito ang kard na makukuha ay pupunta sila sa erya ng 'di makasalanan.'*



- *Ipamahagi sa bawat isa ang kard (GAMITIN LAMANG ANG MAY ITIM NA TULDOK.)*
- *Paalalahanan ang bawat isa na huwag titingnan ang kanilang natanggap na kard!*
- *Isa-isa, tawagin ang bawat isa at palapitin sa harap at saka hilingin na kanilang Tingnan ang kard at ipakita sa lahat.*
- *Sabihan silang magtungo sa nararapat na erya at patuloy na hawakan ang kard sa kanilang harap upang makita ng bawat isa.*
- *Kapag nakita na ng lahat ang kani-kanilang kard, ang LAHAT ng kalahok ay nasa isang erya lamang ng silid, ang eryang itinakda para sa 'makasalanan.'*
- *Basahin ang sumusunod:*

Ayon sa I Juan 1:8, tayong <u>lahat</u> ay nagkasala. *'Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili at wala sa atin ang katotohanan.'* Dahil tayong lahat ay nagkasala, kailangan nating lahat na malaman paano aalisin ang kasalanang ito upang tayo ay maging maalat na asin.

PERSONAL NA PAGMUMUNI-MUNI AT PANALANGIN

Ating gamitin ang panahong ito na manalangin habang tayong lahat ay nakatayo. Pasalamatan natin ang Diyos sa Kanyang pangakong kapatawaran at hilingin sa Kanya na bigyan tayo ng isang pusong handa at bigyan din tayo ng mga panuto paano natin mapagtatagumpayan ang kasalanan.

Hakbang sa Pagtatagumpay sa Kasalanan

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Dahil tayong lahat ay walang alat dahil sa kasalanan, paano tayo muling magkaka-alat? Wala na tayong halaga at sa halip ay dapat nang itapon at apakan na lamang? Kahit na ang ating kasalanan ay maging malaki, ang Biblia ay maliwanag na nagbigay ng panuto paano maalis ang kasalanan at mabigyan tayo ng kasiguruhan na ang kapangyarihan ng Diyos ay kayang magdulot ng pagtatagumpay laban sa ating mga kasalanan. Ang

Kanyang kapangyarihan ay makakapagpa-alat muli sa atin!

Sa susunod na dalawang aralin ay ating matututunan ang tatlong simpleng proseso upang mapagtagumpayan ang kasalanan sa ating mga buhay:

1. Pagwawaksi ng Kasalanan
2. Pagbabago ng isipan, at
3. Pagpapalit ng magaganda sa mga pangit o masasama

Pagwawaksi ng Kasalanan

Panuto para sa Pasiliteytor: *Sa iyong pagpapasilita ng susunod na dalawang aralin, isulat ang bawat bilang at pamagat nito sa puting pisara o poster. Pagkatapos ay ipakita ang larawan mula* ***TULONG SA PAGPAPASILITA*** *na nagrerepresenta sa bagong konsepto. Pagkatapos ay ipaliwanag ang bawat isa. Pagkatapos maipaliwanag ang bawat isa, balik-aralin ang nakaraang puntos upang maalala ng lahat ang lahat ng mga hakbang. Mayroon ding pahina mula sa* ***TALAAN NG KALAHOK*** *tungkol sa 9 na hakbang at mga talatang kaugnay dito.*

Ating simulang tingnan ang 3 hakbang sa Pagwawaksi ng Kasalanan.

1. **Kilalanin ang mga kasalanan** (Larawan mula sa **TULONG SA PAGPAPASILITA**: Kamay na nakaturo sa tuldok)
   Hilingin sa Diyos na Kanyang ipakita sa iyo ang mga espisipikong kasalanan sa iyong buhay na ibig Niyang iyong pagsikapang mabago. Maaaring ito'y isang bagay na ating ginagawa—pagkakalat ng tsismis—o ito'y isang bagay na hindi natin nagagawa—tulad ng pagmamahal sa ating mga asawa gaya kung papaano minamahal ni Kristo ang Iglesia.

   Makikita natin si David na kanyang ginawa ito sa **Awit 139:23-24**, *'23 O Diyos, ako'y siyasatin, alamin ang aking isip, subukin mo ako ngayon, kung ano ang aking nais; 24 kung ako ay hindi tapat, ito'y iyong nababatid, sa buhay na walang hanggan, samahan mo at ihatid.'*



2. **Ipahayag ang espisipikong kasalanan at mapatawad** (Larawan mula sa **TULONG SA PAGPAPASILITA**: speech bubble na may tuldok sa loob)
   Kapag atin nang nakilala ang kasalanan, ating ipahayag ito sa Diyos at kung maaari ay ipahayag din ito sa iba na iyong pinagkakatiwalaan. Sabi nga sa **I Juan 1:9** *'Subalit kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid.'* Mahikayat — walang kasalanan na di mapapatawad ng Diyos! S'ya ay tapat na magpapatawad ng LAHAT nating mga kasalanan.

   Kung tayo ay nagkasala laban sa ibang tao, nararapat lamang na ating Sikaping makuha ang kanilang pagpapatawad. Kung ang isang relasyon ay nasaktan o nasira, Mahalaga na ating maipahayag ang ating pagkakasala at sikaping matanggap ang kapatawaran mula sa kanila upang maipanumbalik ang relasyon.

3. **Magsisi at Magkumit** (Larawan mula sa **TULONG SA PAGPAPASILITA**: speech bubble na may enikisang itim na tuldok) Kinakailangang magsisi upang sa gayon ay maiwasan itong maulit. Ang pagsisisi ay nangangahulugang pagpapasya na masama ito na may intensyong talikuran ang kasalanang ito at sa halip ay tutupad ng kalooban ng Diyos.

Ayon sa **Job 31:1**, ating mababasa ay ganito: *'"Ako'y taimtim na nangako sa aking sarili, na di titingin nang may pagnanasa sa ibang babae.'* Dito ay ating makikita ang pagsisisi ni Job at pangangakong di titingin sa isang babae na may pagnanasa. Si Job isang taong tinawag ng Diyos na 'Mabuti siyang tao,… …at umiiwas sa masamang gawain' (**Job 1:8**), at sa kabila ng kanyang integridad sa harap ng Diyos ay nakita ni Job ang kanyang pangangailangang mangako tungkol sa isang espisipikong kasalanan. Sana tayo ay mahimuk ng katotohanang pinaparangalan ng Diyos ang taong may pagnanais na mapagtagumpayan ang kasalanan! Purihin ang Diyos sapagkat S'ya ang nagtatayo sa atin at nagpapawalang sala o nagpapaging-banal sa atin!

Pagbabago ng Ating Isipan

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Ngayon ay ating Tingnan ang 3 hakbang sa Pagbabago ng ating isipan.

4. **Araw-araw na Pananalangin** (Larawan mula sa **TULONG SA PAGPAPASILITA**: kamay sa pananalangin)

   Kailanman ay hindi natin mapagtatagumpayan, lalo na kailangan maiwaksi ang kasalanan sa pamamagitan ng ating sariling lakas. Kahit na ang Apostol Pablo ay sumulat ng ganito sa **Roma 7:19–20:** *'[19] Sapagkat hindi ko ginagawa ang mabuting gusto ko, ang masamang hindi ko gusto ang siya kong ginagawa. [20] Kung ang ginagawa ko ay hindi ko nais, hindi na ako ang gumagawa nito kundi ang kasalanang naninirahan sa akin.'*

   Kailangan natin ang Tulong ng Diyos upang maiwaksi ang kasalanan mula sa ating puso. At dahil alam natin na sa araw-araw ay haharap tayo sa mga tukso, araw-araw din nating dapat ihanda ang ating mga sarili sa pamamagitan ng pananalangin na tayo'y tulungan ng Diyos. Ito ay nagpapa-alala sa atin na dapat tayong umasa sa Diyos at nagpapa-alala rin ito ng ating kumitment sa Kanya. Kailangan nating sundi ang babala ng ating Panginoong Jesus sa Kanyang mga disipulo na *'Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit ang laman ay mahina.'* (**Mateo 26:41**)

   Ang regular na pananalangin ay umuugnay sa atin sa Kanya na makapangyarihang mapagtagumpayan ang kasalanan. Kaniya nang nagapi ang kasalanan at kamatayan, kaya ating mapagkakatiwalaan natin S'ya na kanya rin tayong pagtatagumpayin sa mga kasalanan sa ating buhay!

5. **Pagkokontrol sa Ating Isipan** (Larawan mula sa **TULONG SA PAGPAPASILITA**: thought bubble na puno ng walang lamang mga tuldok) Ang bawat kasalanan ay pangalawang ulit na nagagawa—ang una ay sa isipan at ang ikalawa ay sa pag-uugali. Kaya, una sa lahat ay dapat nating makontrol ang ating mga iniisip upang mapigilan ang makasalanang pag-iisip na ating maisagawa.

   

   Basahin ang mga sumusunod na mga talata:

   Roma 12:2: *'Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.'*

   Colosas 3:2 *"Ang mga bagay na panlangit ang isaisip ninyo, hindi ang mga bagay na panlupa,"*

II Corinto 10:5b: *'…at binibihag namin ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Cristo.'*

Filipos 4:8: *'Bilang pagtatapos, mga kapatid, lagi ninyong isaisip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang.'*

Paano natin 'bibihagin ang lahat nang ating iniisip?' Kapag ating napansin ang isang makasalanang pag-iisip (halimbawa, pagrereklamo, 'Nagtatrabaho naman ako ng husto pero hindi napapahalagahan ito ng aking pamilya.'), maaari nating ipahayag ito sa Diyos kaagad-agad (*bagaman ay alam na Niya ito – ngunit Kanya pa ring iniuutos na ating gawin - akin*) at pagkatapos ay palitan ito ng bagong kaisipan (halimbawa, 'Ako'y magtatrabaho para sa Diyos at Kanyang kaluwalhatian. Hindi ako aasa ng pasasalamat mula sa aking pamilya, at sa halip ay aking pagsisikapang malugod ang Diyos sa aking pagtatrabaho at sa aking pag-uugali.') Lahat nang ito ay maaaring mangyari sa isang pagkakataon, habang ikaw ay nagpapatuloy sa iyong ginagawa sa isang araw. Ulit-ulitin ito ng madalas habang may makasalanang pag-iisip—Ang Diyos ay kailanman ay hindi mapapagod sa pagpapatawad at sa pagtulong sa atin na maging magtagumpay laban sa kasalanan.

6. **Pagsasaulo ng mga Talata sa Biblia** (Larawan mula sa **TULONG SA PAGPAPASILITA**: thought bubble na may nakabukas na aklat sa loob nito) Ang pagsasaulado ng mga talata sa Biblia ay makakatulong sa pagkokontrol ng ating isipan at pagpapanatili ng katotohanan sa ating isipan. Kailan man tayo magsimulang mag-isip ng maling kaisipan ay maaari nating banggitin ang mga nasaulong mga talata upang ating mapuno ang pag-iisip ng mga katotohanan. Sa ganitong paraan ay ating nababagong muli ang ating pag-iisip sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga masasama at pagpapalit nito ng mga magaganda.



Nang si Jesus ay nagtungo sa ilang o disyerto at doon ay tinukso ni Satanas, paulit-ulit na bumanggit ang Panginoong Jesus ng mga talata upang kanyang magapi ang mga pagtutukso laban sa Kanya. Sabi nga ni Haring David sa **Awit 119:11,** *'Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman.'*

Niliwanag ng Biblia na ang pagsasaulo ng mga talata sa Biblia ay makakatulong sa atin upang mapagtagumpayan ang kasalanan. Lagi tayong makakatagpo ng naaangkop na talata mula sa Biblia na may kaunayan sa kasalanang sinisikap nating mapagtagumpayan. Kung hindi mo alam kung saan ito hahanapin sa biblia, hilingin ang iyong pastor o isang kaibigan na maaaring gumabay sa iyo. Sauluhin ang mga talata sa Biblia, at matutulungan ka na mapagtagumpayan ang mga tukso na lalapit sa iyo.

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: *Magpakita ng isang larawan sa pamamagitan ng pagtataas nito ng iyong kamay at hayaan ang mga kalahok na sabihin kung ano ang nirerepresentang hakbang nito. Halimbawa, hawakan at itaas upang makita ng lahat nag kard ng kamay na may itom na tuldok at hilingin ang mga kalahok na isigaw kung ano ang nirerepresenta nito (hintaying mabanggit ang 'pagkilala sa kasalanan') Maaari mong bigyan ng eskor ang mga nakakahula upang maging parang kompitisyon ito: ang unang kalahok na makakabanggit ng tamang sagot ang tatanggap ng puntos!*

Konklusyon

Lahat tayo ay may kasalanan sa ating puso. Wala ni isa sa atin ang mabuti at dalisay. Ang mga karumihan ng ating mga kasalanan ay tulad ng mga karumihan na ating makikita sa asin: ang kasalanan ang nag-aalis ng ating alat. Ninanais ng Diyos na patawarin tayo sa ating mga kasalanan at tulungan tayong maiwaksi ang mga kasalanan mula sa ating buhay. Ang Pagwawaksi ng kasalanan mula sa ating buhay ay muling magpapa-alat sa atin at magpapahintulot ito na maging higit na epektibo tayo sa pagpapamalas ng Gawa ng Pag-ibig para sa ating komunidad.

Ang pagtatagumpay sa ating mga kasalanan ay nangangailangan ng insayo at pagsisikap. Ating nakita ngayon na ang pagtatagumpay sa kasalanan ay mangyayari sa pamamagitan ng una, Pagwawaksi ng Kasalanan at pagkatapos ay ang Pagbabago ng Pag-iisip. Ang mga ito ay proseso na gugugol ng panahon, ngunit huwag mangamba. Napagtagumpayan na ng ating Panginoong Jesus ang kasalanan at kamatayan! Ang kanyang kapangyarihan ay kayang magbigay sa ating ng pagtatagumpay laban sa mga kasalanan sa ating buhay.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Sa iyong pagtatapos ng araling ito, humiling ng isang kalahok na manalangin para sa lahat na tulungan ng Diyos upang maiwaksi ang mga kasalanang ipinakilala ng Diyos na Kaniya ring nais na ating mapagtagumpayan. Hilingin siyang manalangin, na higit sa lahat, na ang Salita ng Diyos at ng Kanyang Buhay ang magbabago ng lahat ng nasa ating isipan at mapuno ito ng Kanyang mga katotohanan at pag-ibig.*

Aralin 5:
Palitan ng Maganda ang Masama

Pangunahing mga Ideya:

- Ang pagpapalit ng masamang mga ugali ng mabuting ugali ay kinakailangan upang mapagtagumpayan ang mga kasalanan sa ating buhay.
- Dapat nating gawin ang mga hakbang upang mapagtagumpayan ang kasalanan upang tayo ay maging asin na may alat at ilaw o liwanag sa ating komunidad.

Gagamiting mga Materyal:

- Talaan ng Kalahok: Overcoming Sin Table – complaining example and blank table (make 1 copy for each person/group). This worksheet is also found at the end of this Teacher Guide.
- Tulong sa Pagpapasilita: Mga Larawan para sa ika-6 hanggang ika-9 na mga hakbang upang mapagtagumpayan ang Kasalanan (Tatlo lahat).

Panimula

Sa nakaraang huling aralin, tayo ay naglaro ng isang laro na nagpapa-alala sa ating lahat na TAYONG LAHAT ay nagkasala sa ating mga puso. Ating nakita na dapat nating mapagtagumpayan ang kasalanan sa pamamagitan ng pagwawaksi nito at pagbabago ng ating kaisipan o pag-iisip. Ngayon ay ating titingnan paano natin palitan ang masamang kasanayan o ugali ng ating makasalanang pamamaraan.

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD

Panuto para sa Pagpapasilita: *Ang kwentong ito ay maaaring simpleng basahin ng malakas para sa lahat, o di kaya ay idrama ito bilang isang dula kasama ang mga kalahok na tahimik na gawin ang drama habang iyong binabasa ito.*

Pakinggan ang kwento…

kanyang gulat ay namahay na doon ang isang pamilya ng mga daga sa isang sulok ng bahay. Kanyang itinaboy ang mga ito at kinumpleto na ang bubungan ng bahay, umaasang mapipgilan na nito ang mga daga na pumasok sa bahay.

Sa kanyang muling pagbabalik, dumating siya sa kanyang bahay na kanya naman nadiskubre na may mga paniki na ginawa nang tirahan ang kanyang bahay lalo sa bubong na kanyang nakaraang tinapos! Kanyang itinaboy ang mga paniking ito at kanyang nilagyan ng tabing pang lamot ang paligid upang di na makapamungad o makadapo pa ang mga paniki.

Muling siyang nagbalik, at sa kanyang gulat ay nagtayo na ang kanyang kabitbahay ng isang maliit na negosyo kung saan ay nagbebenta na sila ng kanilang sariling gawang kape sa kanilang nayon. Sa kanyang galit, dahil ginamit ang kanyang bahay ng walang pahintulot, sinabihan niya ang mga ito na kanilang aalisin at ilipat agad-agad ang kanilang negosyo. Kanyang inilagay at plinastada ang pintuan at mga bintana at muling umalis.

Makalipas ang ilang buwan, minsan pa ay nagbalik siya sa kanyang bahay at kanyang nakita na ang sira na ang kandado at ang pintuan ay sumasayaw-sayaw na. May isa palang dayuhan ang nanirahan sa kanyang bahay. Isang taong mahilig mag-amok at maglasing ang tumira doon, kanyang nasira na ang looban na ng bahay na

kanya pang tinatakot na sasaktan ang may-ari nito. Kaya, tumawag na siya ng otorodad upang mapaalis ang masamang dayuhang tumira na sa kanyang bahay.

Sa wakas, napagtanto rin ng may-ari na, hanggang bakante ang kaniyang bahay, ay may pupuno rito o may papasok doon. Kung hindi s'ya magpapasya na tirhan ito, hindi nakakapagtaka na may mga hindi inaasahang mgapeste o mga tao walang pakialam dito na gagamit nito. Siya ay nagpasya na pumili ng magiging tagabanyat nito: isang mabait na mag-asawa na kanyang maaasahang iingatan ang kanyang bahay hanggang makalipat ang kanyang sariling pamilya.

Lumipas ang ilang buwan at nagbalik ang may-ari upang tapusin ang mga ilang natitirang dapat gawin upang maihanda ito sa kanilang paglipat. Kanyang ikinagalak na makitang iningatan nga ng mag-asawa ang kaniyang bahay na nasa maayos at mahusay na kundisyon! Ang tarangkahan ng pintuan ay matibay na nakakabit, at ang mga bintana ay maayos ding nakakabit, may kurtina pa ito na pumipigil sa mga alikabok na pumasok rito, kanila ring pinanatiling malinis ito na walang anumang pesteng hayop ang nakakapasok rito maging sa bakuran sa labas ng bahay, at ang mga dahoon sa bakuran ay laging nawawalisan!

- Ano ang nangyari sa bahay nang ito'y iwan nang walang laman?
- Ano ang ginawa ng may-ari upang mapaalis ang mga hindi katanggap-tanggap na mga peste at taong nanirahan dito?
- Ano ang ating matututunan mula sa kwento?

Ang nagtayo ng bahay sa kwento ay hindi tumigil sa pag-aalis o pagpapaalis ng mga pesteng nanirahan na sa kanyang bahay at patuloy Niyang pinabago o tinatapos sa pamamagitang ng paglilinis sa dumi na idinulot ng mga tumira dito at naglagay din siya ng mga bagay na pipigil na muling magbalikan ang mga ito, ngunit sa tuwing kanyang pagababalik ay may bago siyang makikita peste o naninirahan o gumagamit nito! Kailangan Niyang kumpletuhin ng may katalinuhan ang mga dapat gawin upang tuluyang di makapasok muli ang mga peste at ito ay sa pamamagitan ng pagpapalit ng mabuting katiwala kapalit ng mga peste.

Ang ating mga puso at isipan ay tulad din ng bahay na ito. Kadalasan ay napagtatagumpayan natin ang isang erya ng kasalanan ngunit makikita natin ang ating sarili na nasisilo na ng panibagong tukso. At tulad ng may-ari sa kwento, kailangan nating tapusin ang proseso ng pagtatagumpay sa kasalanan sa pamamagitan ng pagpapalit ng magaganda sa mga masasamang kasanayan o ugali. Ang pagpupuno sa ating puso at isap ng mga katotohanan mula sa Diyos at pag-ibig ang ating pinakamabisang depensa laban sa kasalanang nagnanais manirahan sa ating puso.

Ating pag-aralan ngayon ang 3 hakbang sa pagtatagumpay sa kasalanan.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Mabilisang muling aralin ang 6 na Hakbang na ating natutunan sa nakaraang aralin sa pagkakataong ito. Ituro ang mga sumusunod na puntos sa kaparehong paraan na iyong ginawa sa unang 6 na Hakbang: isulat ang mga hakbang sa poster at ipakilala ang bawat larawan bago lumipat sa sunod na puntos.*

Pagpapalit ng Maganda sa Masama

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN



1. **Lumayo sa Tukso** (Larawan mula sa **TULONG SA PAGPAPASILITA**: isang taong tumatakbo papalayo sa itim na tuldok) Ang pagtatagumpay sa kasalana ay tulad ng isang giyera. Sa labanan ay kinakailangan mong makilala kung sino ang iyong kaaway.

Ang pagtatagumpay sa kasalanan ay di naiiba. Kailangan nating makilala ang ating sarili at ang ating kahinaan. Sabi nga sa **Santiago 4:7**, ***"Kaya nga, pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo."***

Iwasan ang tukso. Kung ikaw ay may problema sa kalasingan, huwag magtungo sa mga inuman at manatili doon kasama ng mga kaibigan. Kung ikaw ay seloso o selosa, layunan ang mga sitwasyong magpapaselos sa iyo hanggang matutunan mong maging kuntento sa kung ano ang meron kang bigay ng Diyos. Himukin ang sarili sa pamamagitan ng mga salita mula sa **I Corinto 10:13**: '*Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng ibang tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang makayanan ito at ng paraan upang malampasan ito.'*

2. **Magdevelop ng mga bagong kasanayan o ugali** (Larawan mula sa **TULONG SA PAGPAPASILITA**: taong pinalitan ng maputing tuldok ang maitim na tuldok) Kapalit ng ating nakasanayang makasalanang mga ugali, kailangan nating magdevelop ng bago ng mga ugali.



Halimbawa, kung ako ay nagsisisi dahil ako'y nagalit kapag sa aking pag-uwi ay hindi pa nakapaghanda ng hapunan ang aking misis, maaari akong magsimula ng panibagong ugali ng pagtatanong kung ano ang aking maitutulong upang magawa ang dapat gawin at humanap ng mga paraang makatulong ako sa kanya. Kung ako ay nagpasya na aking ihihinto ang aking pakikipagkita sa barkada sa labas, maaari akong magsimula ng panibagong kasanayan na aking igugol ang aking oras sa aking mga anak. Kung ako ay mareklamo o mainisin, maaari akong magdevelop ng kaugaliang na aking babanggiting gabi-gabi ang tatlong bagay na aking pinagpapasamalamat sa nangyari sa buong araw.

3. **Pananagutan** (Larawan mula sa **TULONG SA PAGPAPASILITA**: Dalawang tao na nagsusuportahan sa isa't-isa na may tuldok na walang itim sa dibdib) Ito ay Mahalaga sa pagiging tagumpay laban sa kasalanan!



Habang tayo ay pumipili ng tama at nagdedevelop ng mabubuting kaugaliang upang maiwaksi ang kasalanan, mapapadali nito ang ating pagtatagumpay sa kasalanan sa mga susunod na pagkakataon. Sa bawat pagkakataon na tama ang ating pinili, nagiging madali ang mga sumusunod. Ang pagtatatag ng kaugaliang pumipili ng tama ay magiging madali kung ito ay iyong nagagawa nang may kasamang tumutulong at humihimok sa iyo. Humanap ng isa na pananagutin ka sa iyong mga ipinangakong magandang gawin at magpapatunay sa iyo kapag nagawa mo ang mga ito.

Dahil mahirap mapagtagumpayan ang kasalanan, kailangan natin ng isa o dalawang mga kaibigan na tutulong sa ating pakikibaka sa kasalanan. Ang mga kaibigang ito ay dapat mga mananampalataya na mayroong katulad na kumitment sa pagsasanay sa buhay na may kabanalan. Sila rin, tulad natin ay nagsisikap sa kanilang pagwawaksi ng kasalanan sa kanilang buhay at handang magbahagi rin ng kanilang sariling pakikibaka sa mga kasalanan.

PERSONAL NA PAGMUMUNI-MUNI

Basahin ang **Mangangaral 4:9–10**.

> *[9] Ang dalawa ay mabuti kaysa isa; mas marami ang bunga ng anumang gagawin nila. [10] Kapag nabuwal ang isa, maitatayo siya ng kanyang kasama. Kawawa ang nag-iisa sapagkat walang tutulong sa kanya kapag siya ay nabuwal.'*

- Manalangin at hingin sa Diyos na Kanyang ipakita sa iyo kung sino o sinu-sino ang maaari mong regular na makasama sa pananalangin at panghihimuk habang pareho ninyong sinisikap na mapagtagumpayan ang kasalanan at tukso.

GRUPONG AKTIBIDAD (Opsyonal): *Kung ang iyong mga kalahok ay nakakabasa at nakaka-unawa sa paghanap ng mga talata, maaari mo silang igrupo ng maliliit at kanilang hanapin ang mga talata at sagutin ang tanong: 'Ano ang ilang mga paraan na matutulungan natin ang isa't-isa sa ating pakikipagbaka laban sa kasalanan?'*

- **Colosas 3:16 – *Pagtuturo at Pagpapa-alala*** *"Ang salita ni Cristo'y hayaan ninyong lubusang manatili sa inyong puso. Turuan ninyo at paalalahanan ang isa't isa nang may buong karunungan. Buong puso kayong umawit ng mga salmo, mga himno at mga awiting espirituwal, nang may pagpapasalamat sa Diyos."*
- **Hebreo 3:13 – *Panghihimuk*** *"Sa halip, magpaalalahanan kayo araw-araw, habang ang panahon ay matatawag pang "Ngayon" upang walang sinumang madaya sa inyo ng kasalanan at sa gayo'y maging matigas ang puso."*
- **Santiago 5:16 – *Pagtatapat ng kasalanan at Pananalangin*** *"Kaya nga, ipagtapat ninyo sa inyong mga kapatid ang inyong mga kasalanan at ipanalangin ninyo ang isa't isa, upang kayo'y gumaling. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid."*
- **Galacia 6:2 – *Magbuhatan ng pasanin ng isa't-isa*** *"Magtulungan kayo sa pagbuhat ng pasanin ng bawat isa. Sa gayong paraan ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo."*
- **Efeso 4:29 – *Palakasin ang isa't-isa ayon sa pangangailangan*** *"Huwag kayong gumamit ng masasamang salita kundi iyong makapagpapalakas at angkop sa pagkakataon upang makapagdulot ng mabuti sa mga nakakarinig."*

Pagsasanay o pagpapraktis sa pagtatagumpay sa kasalanan

MALILIIT NA MGA GRUPONG AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: *ipakita sa buong grupo paano mailalapat ang bawat isang 9 na hakbang sa pagtatagumpay sa isang kasalanan (ang pagiging reklamador ay ang halimbawa na makikitang halimbawa sa katapusan ng aralin).*

- Ano ang 4-5 pangkaraniwang kasalanan sa ating lugar?

Panuto para sa Pasiliteytor: *Matapos malaman ng grupo ang 4–5 karaniwang kasalanan sa lugar, hatiin ang mga kalahok sa maliliit na mga grupo at italaga sa bawat grupo ang isa sa mga kasalanang nailista upang talakayin. Pahintulutan ang bawat grupo na pag-usapan ang bawat isang hakbang para sa kasalanang naitalaga sa kanila. Hilingin ang bawat grupo na kanilang ilahad sa lahat paano nila tinalakay ang bawat hakbang para mapagtagumpayan ang kasalanang naitalaga sa kanila.*

- Gamitin ang tsart sa kanilang **TALAAN NG KALAHOK** upang kanilang maisip paano ilipat ang bawat hakbang upang mapagtagumpayan ang isa sa mga karaniwang kasalanang nailista ng grupo.

PAG-UULAT NG BAWAT GRUPO

Konklusyon

PERSONAL NA PAGMUMUNI-MUNI

Manalangin at hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang kasalanang nais Niyang iyong mapagtagumpayan. Maglaan ng ilang panahon upang matahimik na making sa Diyos na may ang kasalanang ito.

PAGTATAGUMPAY LABAN SA KASALANAN

Halimbawang – Pagrereklamo

MGA HAKBANG	MGA LARAWAN	KASALANAN
PAGWAWAKSI NG KASALANAN		
1. Kilalanin ang Kasalanan		Pagrereklamo
2. Ipahayag at Mapatawad		Ipahayag na ikaw ay nagrereklamo sa iyong mahirap na pagtatrabaho. Patawarin mo ako sa aking pagrereklamo.
3. Magsisi at Magkumit		Ayoko ng pusong mareklamo. Sa halip ng pagrereklamo, nais kong magsalita ng positibo at nagpapasalamat sa kung ano ang mayroon ako.
PAGBABAGO NG KAISIPAN		
4. Araw-araw na Pananalangin		Kailangan ko ng Tulong upang di magreklamo ngayon. Tulungan po nawa ninyo ako na maging mapagpasalamat at masayang magtrabaho.
5. Pagkokontrol ng Pag-iisip		Kapag ako'y nagreklamo, sarili ko lamang ang aking iniisip. Sa halip ay nais kong isipin paano ko magagawang kalugod-lugod sa Diyos ang aking gagawin ngayon. Nais kong isipin ang Diyos kaysa sa aking sarili.
6. Pagsasaulo ng mga Talata		Sabi sa **Efeso 4:29**: *"Huwag kayong gumamit ng masasamang salita kundi iyong makapagpapalakas at angkop sa pagkakataon upang makapagdulot ng mabuti sa mga nakakarinig"*
PALITAN NG MAGANDA ANG MASAMA		
7. Lumayo sa Tukso		Lagi akong nagrereklamo kapag ako'y _____. Kailangan kong huwag munang sumama sa kanya o sasabihin ko sa kanya na ayaw ko nang magreklamo kahit kailan.

8. Magdevelop ng Bagong Kasanayan o Ugali		Kapag ako'y natuksong magreklamo, mag-iisip ako ng 3 bagay na aking ipinagpapasalamat. Magpapasalamat ako sa Diyos na kaya N'yang gamitin ang sitwasyon upang magdala ng luwalhati sa Kanya.
9. Pananagutan		Sasabihin ko kay _____ang tungkol pagnanais na mapagtagumpayan ang aking pagrereklamo. Hihingin ko sa kanya na papanagutin n'ya ako, at kung ako'y tatanungin n'ya, hindi ko ililihim ang aking kasalanan upang magmuka akong nagbabago. Tutulungan ko rin si _____ na kanya rin mapagtagumpayan ang kasalanan kung pahihintulutan niya ako na papanagutin s'ya.

Aralin 6: Pagiging Asin at Ilaw na Iglesia

Pangunahing mga Ideya:

1. Ang ating mga Iglesia ay inuutusang maging asin at ilaw sa ating mga komunidad.
2. Sa kapangyarihan ng Diyos, ang isang asin at ilaw na Iglesia ay makakapagbago ng kanilang komunidad.

Gagamiting Materyal:

- Cartolina, Manila Paper o putting pisara at mga panulat.

Bakit Dapat Tayong Makilahok sa Paglilingkod sa Iba?

Sa 3 susunod na mga aralin ay ating titingnan paano tayo maging Iglesia na tulad ng asin at ilaw sa ating komunidad.

MALILIIT NA GRUPONG TALAKAYAN

Sa inyong maliliit na mga grupo, mag-isip na maraming mga dahilan bakit kinakailangan ng mga Kristiano at ng Iglesia na Makilahok sa Paglilingkod sa mga mahihirap. Sikaping muling isipin ang mga nakaraang aralin na natalakay na mula sa Modyul 1 hanggang ngayong module. At kung possible ay sikaping alalahanin ang mga espisipikong mga talata.

PAG-UULAT

Tala para sa Pasiliteytor: *Sa oras na makapag-ulat na ang lahat ng grupo, idagdag ang mga sumusunod na puntos kung hindi nabanggit.*

- *Ipinadala o isinugo ng Diyos si Jesus upang ipagkasundo ang 3 mga relasyon na nasira nang nagkasala sina Adan at Eva. Ang ating relasyon sa Diyos, ang ating relasyon sa isa't-isa, at ang ating relasyon sa kalikasan. Tayo'y tinawag ng Diyos sa Paglilingkod o Ministeryo ng Pagpapanumbalik—pagdadala ng kagalingan sa lahat ng 3 relasyon.*
- *Ang Tao ay importante sa Diyos—napakahalaga ng tao sa Diyos na Kaniyang isinugo ang Kanyang Bugtong na Anak upang mamatay para sa atin. Kung sa pag-iisip ng Diyos na napakahalaga ng tao na handa S'yang mamatay para sa kanila, tayo rin naman ay dapat umaruga sa mga tao.*
- *Ayon sa **Isaias 58** sinasabi ng Diyos na hindi N'ya sinasagot ang panalangin ng Iglesia sa kadahilanang hindi nila inaaruga ang mga balo at mga ulila.*
- *Nang ibinuood ni Jesus at Pablo ang Matandang Tipan, 3 beses nilang inulit ang pagtuturo na dapat nating mahalin ang Diyos at ang ating Kapwa. Dagdag pa ang 3 beses na Pagtuturo na dapat nating mahalin ang ating Kapwa. Kahit na higit na mahalaga ang pagmamahal sa Diyos, 3 beses pa na sinabi lamang ng Biblia na mahalin ang ating Kapwa—dahil sa pamamagitan nito ay ating naipapakita na mahal natin ang Diyos.*
- *Sa talinghaga tungkol sa Mabuting Samaritano, ang Mabuting Samaritano ay umaruga sa lalaking ninakawan na at halos patay nang iniwan ng mga mandarambong; siya'y pumuno ng kanyang pangangailangan at hindi siya nagbigay ng mensahe sa lalaking ninakawan.*

- *Sa turo tungkol sa mga Tupa at mga Kambing, itinuro ni Jesus na kinakailangan nating magbigay ng pagkain sa nagugutom, inumin sa nauuhaw, bisitahin ang mga nasa kulungan, at damitan ang mga hubad. At kapa ating ginawa ito sa ibang tao, ito ay parang sa Panginoong Jesus natin ginawa.*
- *Tayo ay tinawag ng Diyos na itatag ang Kanyang kaharian. Ibig sabihin nito ay nais nating marami pa ang maging kristiano at mga kristianong lalong nagiging masunurin sa Diyos sa lahat ng erya ng buhay.*
- *Ipinangako ng Diyos, na kung ating susundin S'ya ay Kaniya tayong pagpapalain. [Tandaan na pinagpala na tayo ng Diyos bago pa man tayo sumunod, kaya ang pagtanggap ng pagpapala ay hindi dapat nating maging motibasyon sav pagsunod at sa halip ay ang ating pagsunod ay ating tugon sa Diyos dahil una na Niya tayong pinagpala bago pa man tayo sumunod – II Pedro 1:3 (Dagdag ng nagsalin)]. Kanya rin tayong binigyan ng patnubay na dapat sundin na sisiguro ng pagbuti ng ating buhay. Kaya kailangan nating sumunod sa Kanya sa lahat ng bagay.*

Maglaan ng panahon upang mag-isip:

- Kayo po ba ay naniniwala na kinakailangan at responsibilidad ng Iglesia na arugain ang mga mahihirap at ipakita ang pagmamahal sa komunidad?

Mahalaga na ating maging paniniwala o mapaniwalaan na ang pag-aaruga sa mga mahihirap at ang pagbabago ng ating mga komunidad ay HINDI opsyonal. Ito ay bahagi ng kahulugan ng pagiging kristiano at paraan paano natin maiipakita ang ating pagmamahal sa Diyos.

Isang Nabagong Nayon

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Habang ating nakita, mahalaga na sundin ang utos ng Diyos na mahalin ang ating kapwa. Pakinggan ang kwento ng isang iglesia na naglapat ng mga natutunang aralin ng TCT. Maglaan ng panahon upang isipin ang tungkol sa kanilang ginawa at kung ano ang naging epekto nito.

TUTUONG KWENTO – Isang Nabagong Nayon

May isang nayon sa isang liblib na lugar. Ito ay matatagpuan sa malayang lugar ng kabundukan at napaka simple ng lugar na ito. Ang mga mamamayan sa nayong ito ay pangkaraniwang gumagawa ng alak mula sa bigas, nagtatanim ng tobacco at gumagamit o naninigarilyo nito. Bihira silang magtrabaho at madalas ay lango mula sa alak na gawa sa bigas na sila rin ang gumawa. Ang kalinisan ng nayon ay napakapangit; minsan sa isang buwan lamang sila naliligo, bihirang-bihirang maghugas ng kanilang mga kamay, at wala silang mga palikuran. Ang kanilang mga damit ay sira-sira na rin at ang mga bata ay halos nakahubad na sa kakulangan ng pananamit.

Ayon sa ekonomiya ng lugar na ito, malinaw na mapapansin na naghihirap ang nayong ito. Walang maayos na daanan na nagdurugtong sa kanilang nayon patungo sa pangunahing kalsada—tanging maliit na daan lamang na maaaring lakarin ng tao. Dahil dito, ang mga mamamayan sa nayong ito ay nakakabenta lamang ng kanilang mga ani ayon sa kanilang kakayahang pasanin at dalhin ito sa pamilihang bayan. At dahil hindi nila ito madala lahat sa pamilihan upang maayos na maibenta, hindi na rin sila nagsikap na maparami ang kanilang mga pananim sa kanilang lugar.

Ang mga naninirahan sa nayong ito ay mga mananampalataya, Subalit hindi ganoon kalalim ang kanilang natututunan tungkol sa Diyos. Walang namumuno sa kanilang bilang isang kapulungan, at walang manggagawa ang nagpupunta sa lugar dahil halos di madaanan ang daan patungo sa lugar na ito. Para

makabisita sa lugar na ito ay kinakailangang iwan sinakyang motorsiklo sa pangunahing kalsada at maglakad ng hindi bababa sa 3 oras na paakyat, na iyong inaasahan, na sa iyong pagbalik sa iyong motorsiklo ay hindi pa ito nananakaw! Wala rin silang lugar kung saan sila maaaring magkatipon-tipon at hindi rin sila lumalago sa kanilang espiritwal na mga buhay.

Narinig ng mga miyembro ng iglesia ang tungkol sa programa ng TCT at kanilang pinaki-usapang may pagmamaka-awa ang ilang sa kanilang kapatirang sumama at sumali sa mga pagsasanay na ito. Sa mahabang panahon rin ay walang tagapagsanay ang nagnanais na magtungo sa lugar na ito—mahaba at napakahirap na paglalakbay ito. At sa kanilang paglalakad sa nayon, kanilang napansin na ang kalinisan ay napakapangit na kanilang pinapangambahan na sila'y magkakasakit. Subalit, ang Diyos ay nangusap sa isa sa mga tagapagsanay at di kalaunan ay sumang-ayon siyang magtungo doon.

Ang iglesia ay nagsimulang mag-aral ng programa na ipinagkakaloob ng TCT. Ang isa sa mga proyekto na sila'y hinamon ng Diyos ay ang mapalawak ang daan na malalakaran ng mga mamamayan doon patungong pangunahing kalsada — na may habang 10 kilometro na bumabaybay sa kabundukan. Kanilang sinunod ang Diyos at kanilang pinalawak ang daanan gamit lamang ang mga simpleng kagamitan. Napakahirap nitong proyekto, ngunit pinagpala sila ng Diyos. Bunga ng daang ito, dumami ang mga aning kanilang nadadala na sa pamilihan at napadali nito ang kanilang pagdadala ng mga ito na sariwang nabibili ng mga tao sa bayan ang kanilang mga pananim. Ang napalawak na daanan ay nangangahulugang ding mas marami na ang kanilang nabebenta—at di na nila kailangan pang pasanin ang kanilang mga ani sa kanilang likuran. Dahil kumikita na sila ng magandang kita, sila ay nainganyong lalo pang maiging at mainam na magtrabaho, ang kanilang pag-inom ng alak ay nabawasan rin. Ang mga tao ay nagsimulang magtrabaho ng mas marami sa kanilang mga pananim, pagpapalago at pagbebenta na lumago ng halos 10 ulit kaysa nang dati nilang nakasanayan!

Ang nayon ay di na rin napag-iiwanan bilang pinaka di-maunlad na nayon, at sa halip ay mabilis na nagbabago. Dahil nilapat ng iglesia ang mga aralin tungkol sa kalusugan at kanilang itinuro rin ito sa kanilang komunidad, natuto ang bawat isang lapatan ng gamot ang mga simpleng karandaman at sugat, at sugar bawat tahanan ay nagkaroon ng palikuran, at hardin ng mga gulay. Ang iglesia ay nagsimula ng isang programang pangliterasiya; dahil nakita sa kanila ang motibasyong matuto, ang kanilang pamahalaan ay nagkaloob ng isang paaralan. Pinagpala din sila ng Diyos na magkaroon na ng kuryente sa kabila na ang ilang mga nayon sa pagitan nila at ng kabayanan ay walang kuryente.

Ang nayong ito ay isang halimbawa sa marami na nakapalibot sa kanila, paano ang Diyos ay maaaring magdala ng pagpapala kapag ang kaniyang mga tao ay may katapatang sumusunod sa Kanyang utos na mahalin ang kapwa. Nang sila'y tanungin makalipas ang tatlong taon kung ilang 'Acts of Love' o Pagpapamals ng Pag-ibig ang kanilang nagawa, ang kanilang tugon ay hindi na nila mabilang. Kahit ng sila'y tanungin kung ilang ang kanilang nagawa sa nakalipas na 3 buwan lamang, ang kanilang tungo ay napakarami kung kanilang ililista ang mga ito. Sa halip ay kanilang ipinaliwanang na lamang ito sa ganitong paraan, "1 o 2 'Acts of Love' kada linggo, at ngayon ay bahagi na ito ng kanilang pangkaraniwang pamumuhay o kultura. Kapag sila ay may nakitang bagay na dapat gawin, ginagawa na lang nila ito!

- Ano ang naging mga epekto ng 'Acts of Love' sa kanilang nayon?
- Paano nagawa ng isang iglesia, na may maliit na kaalaman lamang tungkol sa Diyos, na mabago nito ang kanilang buong nayon?
    - *Kanilang ginawa kung ano ang ipinakita ng Diyos na kanilang gawin*
    - *Sila'y naging sa Paglalapat ng kanilang mga natutunan.*
- Sa anong paraan ang iglesiang ito ay magiging inspirasyon sa iyong iglesia?

Paano Makapagdala ng Pagbabago

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Ang mga iglesia na nakikita ng mga pinaka-dramatikong pagbabago sa kanilang komunidad ay ang mga iglesia na kanilang ikimumit ang kanilang sarili sa paggawa ng lahat ng uri ng 'Pagpapamalas ng Pag-ibig'—malaki mang o maliliit—at ang gawin itong regular, gaya ng buwan-buwan o kada 2 linggo!

Ating tingnan ang 4 na paraan na tayo bilang isang iglesia ay makapagdala ng pagbabago sa ating mga komunidad.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Isulat ang 4 na uri ng 'Acts of Love' sa pisara o lumikha ng isang poster at imbitahan ang kalahok na basahin ito.*

1. **Indibidwal na 'Acts of Love'** – Isang tao na naglilingkod para sa kanyang pamilya at kapwa.
2. **Pang-iglesia o Pang-maliliit na mga grupong 'Acts of Love'** – Mga miyembro ng iglesia ay nakikilahok sa isang proyekto na makakagawa sa loob ng 1 o 2 araw.
3. **Malakihang 'Acts of Love' –** Higit na malaking aktibidad na nangangailangan ng 2 o higit na mga araw para matapos at kalimitang kalahok ang mga tao sa komunidad na hindi kasama sa iglesia. (Halimbawa: paggawa ng kalsada)
4. **Tuloy-tuloy na Pagtuturo** – Pagpapasa ng mga aralin ng TCT sa iba.

MALILIIT NA MGA GRUPONG AKTIBIDAD

- Ano ang mga ginagawa ng iyong iglesia upang mapaglingkuran ang inyong komunidad sa ganitong mga paraan?
- Ang Pagpapasya mga epekto na iyong nakita na sa inyong komunidad?
- Iyo na bang nakita na pinagpala ng Diyos o pinarami ng Diyos ang inyong pagsisikap?

PAG-UULAT

Kapag tapos na, imbitahan ang mga maliliit na mga grupo na kanilang iulat ang kanilang mga patotoo sa lahat ng mga kalahok.

Konklusyon

Sa ating pagtatapos ngayon, nais nating maglaan ng panahon upang pasalamatan ang Diyos sa pagtulong sa atin na matupad ang mga naisagawa na at para sa epekto na dulot ng mga nagawa. Maglaan ng ilang panahon upang magpasalamat sa Diyos, pumili ng ilang awiting pagsamba o anumang naaangkop upang magdiwang sa iyong iglesia.

Aralin 7: Sunod na mga Hakbang

Pangunahing mga Ideya:

1. Kailangan natin ng iba't-ibang uri ng 'Acts of Love' kung tayo ay makakakita ng pagbabago sa ating komunidad.
2. Ang Pananlangin ay isang pangunahing at mahalagang bahagi ng proseso sa pagpaplano at paggawa ng 'Pagpapamalas ng Pag-ibig.

Materyal na mga Gagamitin:

- Talaan ng Kalahok: Hakbang sa Pagpaplano ng 'Acts of Love'
- Poster ng Uri ng mga 'Acts of Love' (lumikha ng poster o isulat ito sa pisara)
- Poster ng Tuloy-tuloy na Pagtuturo (gumawa ng poster o isulat ito sa pisara)

Balik-Aral

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Sino ang nakaka-alala ng 4 na paraan sa pagdadala ng pagbabago na ating tinalakay sa nakaraang aralin?

1. **Indibidwal na 'Acts of Love'** – Isang tao na naglilingkod para sa kanyang pamilya at kapwa.
2. **Pang-iglesia o Pang-maliliit na mga grupong 'Acts of Love'** – Mga miyembro ng iglesia ay nakikilahok sa isang proyekto na makakagawa sa loob ng 1 o 2 araw.
3. **Malakihang 'Acts of Love' –** Higit na malaking aktibidad na nangangailangan ng 2 o higit na mga araw para matapos at kalimitang kalahok ang mga tao sa komunidad na hindi kasama sa iglesia. (Halimbawa: paggawa ng kalsada)
4. **Tuloy-tuloy na Pagtuturo** – Pagpapasa ng mga aralin ng TCT sa iba.

Ngayon ay ating tingnan kung ano pa ang maaari nating magawa upang ating mapraktis ang mga ito sa ating iglesia.

Apat na mga Erya

Basahin **Lucas 2:52** *"Patuloy na lumaki si Jesus sa pangangatawan, lumawak ang kanyang karunungan at lalong naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao."*

- Mayroon bang nakaka-alala kung ano ang apat na erya na ang ating Panginoong Jesus ay lumago o lumaki?
    - Karunungan (Mental), Pangangatawan (Pisikal), kalugod-lugod sa Diyos (Espiritwal), at sa tao (Sosyal)
- Anu-ano ang ilang mga halimbawa para sa bawat eryang ito?
    - *Mental – edukasyon, kasanayan tulad ng paggamot sa ilang sakit at pangangasiwa ng pera*
    - *Pisikal – kalusugan, maayos na tirahan, sapat at malulusog na pagkain, malinis na tubig*
    - *Espiritwal – kaligtasan at paglago ng relasyon sa Diyos*
    - *Sosyal – pag-aasawa at pagiging magulang, at relasyon sa komunidad*

Panuto para sa Pasiliteytor: *Isulat ang apat na erya sa pisara o ulit-ulitin ang mga ito hanggang masaulo ng mga kalahok.*

Sa apat na mga eryang ito, lumago ang ating Panginoong Jesus at ang mga ito rin ay tumatayong modelo paano ang ating pamilya, ang ating mga komunidad ay nararapat na lumago. Minsan ay madaling huminto tayo na isang uri lamang ng 'Act of Love' ang nagawa—halimbawa, ang pagtugon lamang sa pisikal at espiritwal na pangangailangan lamang. Ngunit kung ibig nating makita ang ating komunidad na magbago, nangangahulugang nito na kailangan nating tugunan ang 4 na mga erya.

TALAKAYAN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: *Hatiin ang mga kalahok sa maliliit na mga grupo. Bigyan ang bawat grupo ng tigdalawang erya—kalahati ng mga kalahok ay makakakuha ng 'Karunungan at Pisikal' at ang natitira ay 'Espiritwal at Sosyal.'Hilingin ang mga kalahok na sagutin ang mga katanungan para sa bawat erya na nakatalaga sa kanila. Sa inyong pag-uulat, isa isahin ang bawat erya.*

- Anu-ano na ang ilang mga nagawa na ng iglesia upang mapaglingkuran ang komunidad sa mga eryang ito?
- Anu-ano ang ilang mga pangangailangan sa mga eryang ito ng ating komunidad na ating nalalaman?
- Anu-ano ang ilang mga ideya para sa 'Acts of Love' na maaari nating magawa upang mapunan ang mga pangangailangan na mga ito?

PAG-UULAT

Tuloy-tuloy na Edukasyon

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Ang ika-apat na uri ng 'Pagpapamalas ng Pag-ibig' sa ating listahan ay ang "Tuloy-tuloy na Edukasyon." Ang Tuloy-tuloy na Edukasyon ay isang mabuting kasanayan kung nais nating maging asin at ilaw na uring iglesia. Ikinakalat nito ang ating kaalaman sa nakapalibot sa atin upang parami ng parami angmakakapamuhay ng nilalayon o itinakda ng Diyos.

Maraming paraan na tayo ay tuloy-tuloy na makapagturo.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Para sa mga kalahok na nakakabasa, Isulat ang mga ito sa pisara o lumikha ng poster at imbitahan ang mga kalahok na basahin ang mga ito.*

1. **Mga Mensahe at Pagtuturo mula sa Pastor** – Ang mga Pastor ay kadalasang nirerespetong tagapagturo sa iglesia, at maging sa komunidad. Karagdagan sa itinuturong mga espiritwal na mga katotohanan at mga panghihimuk sa iglesia, may mga pagkakataong maaaring makapagturo ng mga kasanayan gaya ng paano mapapalakas ang samahang mag-asawa at pagiging magulang. Ito ay maaaring magawa sa tuwing magbabahagi ng mensahe o hiwalay na panahon pagkatapos ng mensahe.
2. **Maliliit na Grupong Pag-aaral** – Ang pag-aaral sa mga maliliit na mga grupo ay makakatulong sa ating lumago sa espiritwal na buhay, magkaroon ng pananagutan sa isa't-isa sa paggawa ng pagpapamalas ng Pag-ibig, at ang pagkakataong makapaglingkod sa mga kapwa kasama ang iyong maliit na grupo. Ang iyong maliit na grupo ay isang magandang lugar upang mabalikang aralin ang inyo nang natutunan mula sa Modyul na sinusundan o sa mga nakalipas na aralin at maituro ang mga araling nakalipas na hindi narinig o natutunan ng iba dahil sa kanilang pagliban sa grupo. Ang bawat isa mula sa kababaihan hanggang sa mga kabataan ay makikinabang sa pagbabalik aral sa mga araling nakalipas.
3. **Pormal na mga Pag-aaral para sa lahat ng miyembro ng Komunidad** – Maaari mong iangkop ang mga

aralin mula sa Kalusugan, Pag-aasawa at Pagpapamilya, at Halaga ng Pera na mga Modyul sa iyong mga pagtuturo sa labas ng iglesia sa loob ng sang-linggo. Ito ay nagpapahintulot sa mga Kristiano at hindi na sama-samang matuto, sama-samang magtatatag ng mga relasyon at magbubukas ng mga pagkakataon para sa mas marami pang-interaksyon.

4. **Di-Pormal na Pagtuturo –** Habang ating inaasikaso ang ating pang-araw-araw na pamumuhay – tulad ng pagbisita sa mga maysakit, pagtatrabaho sa bukid man, talyer o sa opisina, pangangalaga sa mga anak, paglabas kasama ng mga kaibigan —ay maaari nating lahat na maibahagi ang ating natututunan sa kanila na nakapalibot sa atin. Isang halimbawa ay ang isang miyembro na kanyang ibinabahagi ang isang aralin sa kanyang mga katrabaho sa bukid sa tuwing sila'y kumakain ng kanilang tanghalian. Isang magandang kaparaanan upang mahimuk ang lahat na makapag turo sa di-pormal na paraan ay ang muling pagtuturo ng isang aralin sa iglesia upang lalong matandaan ito ng mga miyembro at magkaroon ng kakayahang maituro ito sa iba na kanilang nakakasama sa loob ng isang linggo.

PERSONAL NA PAGMUMUNI-MUNI AT PANALANGIN

Maglaan ng panahon upang manalangin at tanungin ang mga sumusunod sa Panginoon. Pakatandaang makinig ng tahimik na ipakita sa iyo ang katotohanan at bigyan ka ng mga bagong mga ideya.

- Gaano kadalas natin itinuturo sa iba ang ating natutunan?
- Paano natin mapaparami ang pagkakataong makapagbahagi sa iba? May mga pagkakataon bang makapagturo na di natin nakita o nakikita?
- Anong mga resorses ang mga ibinigay na ng Diyos o mga naririyan na, na maaari na nating ituro? Ano pa ang kulang sa atin?

PAG-UULAT

Panuto para sa Pasiliteytor: *Ibahagi sa lahat ang mga ideya. Imbitahan ang mga kalahok na himukin ang iba sa pagbabahagi ng mga nangyayaring pagtuturo na kanilang kasalukuyang nasasaksihan. Imbitahan rin silang magbahagi ng kanilang mga erya na hindi pa nila kinikilalang kanilang kalakasan sa ngayon. Himukin ang lahat paano nila pinaplanong maging kalakasan ito o ano ang nais ng Diyos tungkol sa eryang ito.*

Proseso ng Pagpaplano

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Panuto:

1. Aking babasahin ang mga Hakbang sa Pagpaplano ng Pagpapamalas ng Pag-ibig.
2. Lahat ng may kakayahang tumayo ay hinihiling na tumayo.
3. Sa bawat pagkakataong iyong marinig na mabasa ang salitang 'manalangin,' lumuhod at pagsamahin ang kamay sa aktong pananalangin, at pagkatapo ay tumayo muli.
4. Praktisin nating sama-sama.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Basahin ang mga* ***initimang pamagat****, binibigyang diin ang salitang "manalangin" sa tuwing mababasa ito (Halimbawa: '1: Regular na magkita… 2: Manalanging sama-sama… 3: Suriin ang mga kailangan at manalangin …'); ang lahat ng mga kalahok ay luluhod sa bawat pagkakataon. Ulitin ito ng makalawa (o nang pangatlong) beses, at sa bawat pagkakataon ay basahin ito ng pabilis nang pabilis. Sa dulo, ang lahat ng kalahok ay tumatalbog paitaas at paibaba sa pananalangin.*

- Ano ang sentro sa pagpaplano?
    - *Panalangin!*

Maaari na po kayong makaupo ngayon at ating babasahin ang bawat puntos. *(Himukin ang bawat isa na basahin ang pamagat nang sama-sama. Pagkatapos ay humiling sa mga kalahok nang magbabasa ng bawat puntos ng Hakbang sa Pagpaplano ng Pagpapamalas ng Pag-ibig na makikita sa **TALAAN NG KALAHOK**, basahin na rin ang kasamang paliwanag; o, kung di gumagamit ng Gabay ng Kalahok, basahin ang mga ito at ipaulit sa kalahok ang pangunahing ideya.)*

1. **Regular na magkita** – bilang isang iglesia, kailangang magkita ng regular upang maituon sa Pagpapamalas ng Pag-ibig ang atensyon at hindi maging abala sa ibang bagay na makalimutan na rin ang tungkol dito. Sikaping regular na magkita ng isang beses sa isang buwan para manalangin, talakayin ang Pagpapamalas ng Pag-ibig, at gumawa ng mga plano.
2. **Manalangin ng sama-sama** – tanging sa kalakasan at karunungan ng Diyos lamang ating makikitang mabago ang ating mga komunidad. Ito ay isang imposibleng gawain kung wala ang Diyos, ngunit kung tayo'y kasama Niya, tayo ay makakapagdala ng kaibahan. Huwag na huwag kalilimutan ang panalangin; huwag padaya na ating maisip na ang ating kayang gawin ay sapat kahit wala ang panalangin!
3. **Suriin ang kailangan at manalangin** – Ang bawat isa ay dapat darating sa pagpupulong na may kahandaang talakayin ang kakailanganin. Sa ating pag-asikaso ng mga bagay sa bawat araw, nararapat na ating tinitingnan ang mga bagay na dapat nagagawa o ang mga taong may pangangailangan. At sa pagpupulong, talakayin ang mga dapat magawa. Manalangin ng sama-sama na ipakita ng Diyos sa inyo ang dapat gawin at tulungan kayong makagawa ng plano na magbibigay luwalhati sa Kanya.
4. **Gumawa ng plano at manalangin** – Sa kalahatan, ang mga plano ay gagamit ng mga resorses na ibinigay na ng Diyos sa inyo at pamahalaan itong matapos sa maikling panahon. Ganon pa man, ang ***pinakamahalagang*** bagay ay ang inyong mga plano ay alinsunod sa kung ano ang ipinakita sa inyo ng Diyos na inyong dapat gawin. Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na ang paraan ng Diyos ay hindi natin paraan, kaya maaari Niyang sabihin na ating gawin ang mga bagay na walang katuturan para sa atin dahil ito ay magdadala ng kaluwalhatian sa Kanya kapag Siya ang nakagawa nito sa pamamagitan natin. Walang katuturan sa mga tao na magsimulang gumawa ng kalsada—kalimitan ay aming pinapayuhan ang mga kalahok na gumawa lamang ng maliliit na mga proyekto. Ganon pa man, sa ganoong paraan sila inudyukan ng Diyos na gumawa o magsimula, at dahil sila'y sumunod, ito ay nagkaroon ng dramatikong epekto sa kanayunan.
5. **Manalangin at ipatupad** – Magtakda ng petsa, oras, mga gagamitin, kagamitan, at mga taong kailangan. Sundin at gawin ang plano.
6. **Suriin at manalangin upang magpasalamat** – Tingnan kung ano ang maging epekto at maghandog ng papuri sa Diyos sa Kanyang tulong sa iyo upang magawa at matapos ang Pagpapamalas ng Pag-ibig. Sa aralin tungkol sa pananagutan ay ating higit na matututunan ang marami pang bagay tungkol sa paano gawin ang hakbang na ito at kung ano ang dapat suriin.

Tandaan: Ang maliliit na mga aktibidad na malimit gawin ay higit na mabuti sa isang malaking proyekto na minsan lamang ginawa. Ang maliliit na mga aktibidad ay nagpapahintulot sa iyong magtagumpay at kapag palagiang nakikita ito ng iyong komunidad ang mga gawaing ito, ang mga ito ay may mas higit na pangkalahatang epekto kaysa sa isang malaking proyektong minsan lamang ginawa. Ang isang malaking proyekto ay kamangha-mangha, ngunit, kung di na nila muling makikita ang iglesiang gumawa para sa komunidad, mawawala ang epektong unang nasaksihan.

Konklusyon

Sa ating susunod na aralin, tayo ay magpaplano ng ilang Pagpapamalas ng Pag-ibig. Kung iyong tinatalakay ang mga aralin dito sa lingguhang pag-aaral, maglaan ng panahon sa linggong ito upang humiling sa Diyos na

ipakita sa iyo ang ilang sa mga pangangailangan ng iyong komunidad na ang iyong grupo ay maaaring makatugon. Dumating na may kahandaang magbahagi ng iyong nakitang pangangailangan at kung ano ang ipinapakita sa iyo ng Diyos tungkol dito.

Kung tuloy-tuloy ang iyong pagtalakay sa mga aralin, balikan ang iyong mga tala mula sa araling ito. Ano ang ilang mga ideya na mayroon ka habang ito'y itinuturo mo sa iba, o iba't-ibang Pagpapamalas ng Pag-ibig na pwedeng maibahagi? Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga ideyang nais Niyang iyong matandaan sa iyong pagpapasilita ng susunod na aralin.

Aralin 8: Ating Planong Pagkilos

Pangunahing Ideya: Sa pananalangin at tulong ng Diyos, tayo ay gagawa ng plano para sa Pagpapamalas ng Pag-ibig.

Gagamiting Materyal:

- Talaan ng Kalahok: Hakbang sa Pagpaplano ng Pagpapamalas ng Pag-ibig

Paggawa ng Plano

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Sino ang nakakatanda ng mga hakbang sa paggawa ng plano na ating tinalakay sa nakalipas na aralin?

Panuto para sa Pasiliteytor: *Himukin ang grupo na sikaping tandaan at alalahanin ang mga ito. Kapag kanila nang nasabi ang mga ito, basahin ang mga ito mula sa* ***TALAAN NG KALAHOK*** *minsan pa ng isang beses.*

1. **Regular na magkita** – bilang isang iglesia, kailangang magkita ng regular upang maituon sa Pagpapamalas ng Pag-ibig ang atensyon at hindi maging abala sa ibang bagay na makalimutan na rin ang tungkol dito. Sikaping regular na magkita ng isang beses sa isang buwan para manalangin, talakayin ang Pagpapamalas ng Pag-ibig, at gumawa ng mga plano.
2. **Manalangin ng sama-sama** – tanging sa kalakasan at karunungan ng Diyos lamang ating makikitang mabago ang ating mga komunidad. Ito ay isang imposibleng gawain kung wala ang Diyos, ngunit kung tayo'y kasama Niya, tayo ay makakapagdala ng kaibahan. Huwag na huwag kalilimutan ang panalangin; huwag padaya na ating maisip na ang ating kayang gawin ay sapat kahit wala ang panalangin!
3. **Suriin ang kailangan at manalangin** – Ang bawat isa ay dapat darating sa pagpupulong na may kahandaang talakayin ang kakailanganin. Sa ating pag-asikaso ng mga bagay sa bawat araw, nararapat na ating tinitingnan ang mga bagay na dapat nagagawa o ang mga taong may pangangailangan. At sa pagpupulong, talakayin ang mga dapat magawa. Manalangin ng sama-sama na ipakita ng Diyos sa inyo ang dapat gawin at tulungan kayong makagawa ng plano na magbibigay luwalhati sa Kanya.
4. **Gumawa ng plano at manalangin** –ang ***pinakamahalagang*** bagay ay ang inyong mga plano ay alinsunod sa kung ano ang ipinakita sa inyo ng Diyos na inyong dapat gawin. Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na ang paraan ng Diyos ay hindi natin paraan, kaya maaari Niyang sabihin na ating gawin ang mga bagay na walang katuturan para sa atin dahil ito ay magdadala ng kaluwalhatian sa Kanya kapag Siya ang nakagawa nito sa pamamagitan natin.
5. **Manalangin at ipatupad** – Magtakda ng petsa, oras, mga gagamitin, kagamitan, at mga taong kailangan. Sundin at gawin ang plano.
6. **Suriin at manalangin upang magpasalamat** – Tingnan kung ano ang maging epekto at maghandog ng papuri sa Diyos sa Kanyang tulong sa iyo upang magawa at matapos ang Pagpapamalas ng Pag-ibig.

Sa araling ito, ang ating ninanais ay ang maisip kung ano ang maaaring itanong ng Diyos sa atin na ating susunod na gagawin. Kung inyo pang natatandaan ang kwento tungkol sa Binagong Nayon, inyong matatandaan na ang lahat ng pagbabagong nangyari ay nagsimula sa kanilang pagtatanong sa Diyos kung ano ang kanilang gagawin at kahit na, napakalaki ng gawaing ito—paggawa ng kalsada—kanilang ginawa ito. Ang naging resulta ay di nila inaasahan: lumaki ang kanilang kinikita ng 10 ulit ang laki kumpara noon, nahinto ang

labis na pag-inom, at naging higit ang kanilang tuon sa paglalakad na may pagsunod sa Diyos sa bawat erya ng kanilang mga buhay.

Kaya, tayo ay magsimula ngayon, sa araw na ito na nananalangin at humihiling sa Diyos na Kanyang ipaalalang muli ang ilang mga bagay na Kanyang hinihiling na ating magawa. Humingi ng karunungan habang iyong tinitingnan ang listahan ng mga ideya na inyong inilista sa bawat seksyon ng 4 na mga erya sa nakalipas na aralin at kung ano ang ipinakita sa iyo ng Diyos sa loob ng linggong ito.

PANALANGIN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Pangunahan ang grupo sa pananalangin. Kapag iyo nang nabanggit ang paghingi sa Diyos ng karunungan at maipakita ang mga pangangailangan na ibig ng Diyos na kanilang mapunan, maglaan ng tahimik na panahon. Matapos ang 5 minuto ng katahimikan, pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kaganyakang pangunahan at gabayan ang bawat isa.*

Hilingin ang mga kalahok kung may mga ideya silang naisip habang sila'y matahimik na naghihintay sa Diyos. Kung wala naman ay balikan ang listahan na iyong ginawa sa nakaraang aralin at tingnan kung mayroong sa mga ito naisip ng iba na gawin. Ito ay magandang pasimula ng talakayan.

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Kapag ang grupo ay nakapagpasya na ng proyektong gagawin, maglaan naman ng panahon upang makapagplano. Isipin ang pagmuni-munihan ang sumusunod na mga tanong.

1. Kailan mo gagawin ang proyekto?
2. Mayroon bang resorses na kakailanganin? Paano mo ito makukuha?
3. Kailangan mo bang mag-imbita ng mga taong lalahok? Sino ang gagawa nang pag-iimbita?
4. Mayroon bang espesyal na permiso na kailangan kunin? Sino ang kukuha nito?

Pananatiling Tapat

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Basahin ang **Mateo 21:28-31**

"[28] "Ano ang palagay ninyo rito? May isang taong may dalawang anak na lalaki. Lumapit siya sa nakatatanda at sinabi, 'Anak, pumunta ka ngayon sa ubasan at magtrabaho ka roon.' [29] 'Ayoko po,' tugon nito, ngunit nagbago ito ng pasya at nagtrabaho sa ubasan. [30] Lumapit din ang ama sa ikalawa at ganoon din ang kanyang sinabi. At tumugon ito, 'Opo,' ngunit hindi naman pumunta sa ubasan. [31] Sino sa dalawa ang sumunod sa kalooban ng kanyang ama?" "Ang nakatatanda po," sagot nila. Sinabi sa kanila ni Jesus, "Tandaan ninyo: ang mga maniningil ng buwis at ang mga bayarang babae ay nauuna pa sa inyo na makapasok sa kaharian ng Diyos."

- Ano ang nangyari sa kwentong ito?
- Alin sa dalawang anak ang gumawa ng ipinag-uutos ng ama?
    - *Ang ikalawang anak. Pinayapa lamang ng unang anak ang kanyang ama sa pamamagitan ng salitang susunod siya ngunit walang balak na sundin ito. Ang ikalawang anak ang gumawa ng iniuutos ng ama sa kanya.*
- Ano ang ibig sabihin nito para sa atin?
    - *Kailangan nating tandaan na hindi sapat ang gumawa ng plano o mga plano; kailangan nating sundin at gawin ang mga ito.*

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Mayroon bang mga hadlang na hindi mo maisasakatuparan ang iyong mga plano?
- Ano ang iyong magagawa upang malagpasan ang mga hadlang na ito?

PANALANGIN

Maglaan ng panahon upang manalangin, na ikinukumit ang iyong mga plano sa Diyos at humihiling din ng tulong sa Diyos upang matupad ang mga ito.

Konklusyon

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Sa maliliit na mga grupo, banggitin ang mga pangunahing ideya mula sa bawat aralin upang matandaan ng lahat. Ano ang ilan sa mga bagay na nais mong gawing kakaiba sa pagkakataong ito bilang bunga ng iyong pag-aaral ng modyul na ito?

PAG-UULAT

Maglaan ng panahon upang mapasalamatan ang Diyos sa lahat ng iyong natutunan sa modyul na ito. Manalangin at hilingin sa Diyos na ikaw ay tulungan na mailapat ito sa iyong buhay.

Aralin 9: Pagmomobilisa ng mga Magboboluntaryo

Pangunahing Ideya: Kailangan nating pasiglahin ang bawat isa sa paggawa ng kabutihan sa pamamagitan ng pagtuturo, paglikha ng mga pagkakataon, pag-iimbita sa iba na makilahok, pagkilala sa pakikilahok ng iba at kakayahan nila, sama-samang pagtatrabaho o paglilingkod sa iba, pagpapahalaga sa iba, at pagbibigay kasiyahan o kaaliwan sa iba.

Gagamiting mga Materyal:

- Talaan ng Kalahok: 7 Paraan ng Panghihimuk na Maglingkod
- Talaan ng Kalahok: Ang Iglesiang Naglilingkod
- Tsart o Pisara/Manila Paper at Panulat

Panuto para sa Pasiliteytor: *Ang araling ito ay nakatuon para sa LIDER NG IGLESIA ng iyong kapulungan upang matulungan silang mag-isip paano mahihimuk ang higit na nakakaraming kapatiran na Makilahok sa Paglilingkod na gagawin ng iglesia o sa pagtupad ng Pagpapamalas ng Pag-ibig.*

Panimula: Isang Pamumuhay na Naglilingkod

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Sa **I Corinto 12** si Apostol Pablo ay nangusap tungkol sa buong katawan. Kanyang ipinapaalala sa lahat na tayong LAHAT ay miyembro o bahagi ng katawan at upang ang katawan ay gumana o makakilos ng maayos, lahat ng bahagi nito ay kinakailangang gumagawa ng kani-kaniyang tungkulin. Ganon pa man, sa ilang mga iglesia ay tanging iilan lamang sa mga miyembro nito ang aktibong nakikilahok sa paglilingkod habang ang iba ay naghihintay lamang na sila'y paglingkuran. Sa araling ito ay ating titingnan at ilang iba't-ibang paraan upang ang higit na nakakarami kung hindi man lahat na makilahok sa palikuran paglilingkod o di kaya ay maiparamdam sa kanila na nakikilahok na sa paglilingkod ang ating patuloy na pag-uudyok na mahusay ang kanilang ginagawa.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Ating basahin ang **Hebreo 10:24** ***'Sikapin din nating gisingin ang damdamin ng bawat isa sa pagmamahal sa kapwa at sa paggawa ng mabuti.'***

- Ano ang mga paraan upang iyong mahimuk ang mga kapatiran na makibahagi sa paglilingkod? Ano ang nakakahimuk ng maayos? Ano ang hindi nakakahimuk sa kanila na makilahok?
- Ano pang ibang ideya ang nalalaman mo upang mapalahok ang nakakarami sa paglilingkod?
- Ano ang iyong magagawa upang mapanatili silang magandang nakikilahok sa paglilingkod?

PAG-UULAT

Hanggang sa katapusan ng araling ito ay ating titingnan ang 7 iba't-ibang mungkahi paano natin magigising ang damdamin ng bawat isa o mapapasigla ito na sila'y makikilahok sa pagpapamalas ng pag-ibig at kabutihan sa isa't-isa.

Pitong (7) Paraan upang Mahimuk ang Iba na Maglingkod

Panuto para sa Pasiliteytor: *Isulat ito sa pisara, habang binabasa o binabanggit ang bawat isa.*

1. **Magturo tungkol sa Kahalagahan ng Paglilingkod**

   Kailangan nating ituro sa ating mga iglesia ang kahalagahan ng paglilingkod, *[di minsanang paglilingkod, kundi patuloy na paglilingkod - dagdag ng nagsalin]*. Kung hind nalalaman ng ating mga miyembro ang panawagan ng Diyos na maglingkod sa kanilang mga komunidad, hindi kagulat-gulat na hindi nga sila naglilingkod.

2. **Lumikha ng mga Pagkakataon**

   Sa pag-oorganisa ng mga aktibidad tulad ng Pagpapamalas ng Pag-ibig, tayo ay lumikha ng mga pagkakataon para sa ating mga kapatiran sa iglesia na Makilahok sa paglilingkod. Para sa ibang kapatiran, mahirap makita kung ano ang kanilang magagawa, lalo na bago itong Paglilingkod ay maging normal o palagiang maging bahagi na ng kanilang pamumuhay bilang mananampalataya. Sikaping makalikha ng mga pagkakataon na ang lahat ng iba't-ibang uri ng talent ng iyong mga miyembro ay makakalahok sa Paglilingkod ng iyong iglesia lalo na sa komunidad. Maglaan ng panahon upang mabuting mapag-isipan ang iba't-ibang mga talento o kakayahan ng iyong mga miyembro at paano sila mailalahok sa paglilingkod. Hilingin ang iba na magbigay ng kani-kanilang mga ideya ng kung ano ang maaaring gawin ng iglesia. Maaaring iyong ikagulat ang malikhaing mga ideya na kanilang maimumungkahi para sa iglesia.

3. **Imbitahin ang Ibang Kapatiran na Makilahok**

   Maraming kapatiran ang hindi Magboboluntaryo na Makilahok hanggang sila'y imbitahan ng isang kapatiran na makilahok. Maaaring kanilang marinig mula sa pulpit kung ano ang nangyayari, ngunit maaari nilang ipalagay na may ibang kapatirang gagawa na nito. Hanapin ang ibang mga kapatirang hindi nakikibahagi sa paglilingkod at kapag mayroon kang Pagpapamalas ng Pag-ibig na tumutugma sa kanilang espisipikong kakayahan o kasanayan, maglaan ng panahon maka-usap at maimbitahan silang makilahok.

4. **Pagkilala sa mga Nakikilahok at Pasalamatan Sila**

   Lahat tayo ay natutuwa o nagagalak sa anumang pagkilala at pasasalamat sa atin. Pansinin ang **Roma 16**—ito'y isang mahabang listahan ng mga pangalan at listahan ng mga ginawa ng mga kapatiran. Inyong bang naiimahin ang naramdaman o nararamdaman ng bawat isang nabanggit sa liham na ito na naglaan ng panahon si Pablo upang kilalanin ang pagsisikap at paghihirap na ginawa ng bawat pangalang nabanggit sa napakahalagang dokumentong ito? Habang ang mga pangalang ito ay nagpapa-alala sa ating lahat ng kahalagahan ng kasipagan na may pagpapagal, bilang mg lider ng iglesia, ito rin ay nagpapa-alala sa ating ng kahalagahan ng pagkilala sa kanila at mapasalamatan sila. Bilang mga lider ng iglesia, kailangan nating maglaan ng panahon upang mapasalamatan ang mga naglilingkod, lalong lalo na ang mga hindi gaanong napapansin o nakikilala.

5. **Lumikha ng Pakiramdam na Mahalaga Ito**

   Basahin ang **Mateo 25:34-40**. Sa maraming pagkakataon, ito ay isang pambihirang sipi. Sinasabi nito na anuman ang ating nagawa para sa pinaka-aba, ito ay parang ating ginawa para kay Kristo. Kaya ang ating Pagpapamalas ng Pag-ibig ay napakahalaga. Kapag tayo ay lumalabas upang maglingkod, ito ay isang Paglilingkod na ating nagagawa para sa Panginoong Jesus—paano natin sila napaglilingkuran? Gaano kahalaga ang ating pagsisikap para sa kanila? Kailangan nating matulungan ang iba na makita o matutunan ito, na habang sila'y naglilingkod sa kanilang komunidad, sila ay naglilingkod sa ating Panginoong Jesukristo.

6. **Sama-samang Nagtatrabaho o Naglilingkod**

Basahin ang kwento na malakas:

Sa maraming taon, ang mga kapatiran ay nagtataka bakit regular na napapalitan ang taong nakatakdang maglinis ng bakuran ng simbahan. May isang Magboboluntaryo at matapos ang 3 o 4 na buwan, magpapa-alam na sila na nagsasabing di na nila magagawa ang trabaho. Sa ibang erya ng Ministeryo, marami naman ang nagboluntaryo at sila'y tumatagal sa trabahong iyon, kaya bakit mabilis magbago ng isip yaong mga nagboluntaryo sa paglilinis ng bakuran ng simbahan? Tinanong ang mga nagboluntaryong maglinis ng bakuran bakit sila nagpasyang huminto, ngunit lahat sila'y nag-aatubiling magbigay ng malinaw na dahilan o sagot. May isang nagmungkahi na, marahil kung sila ay mayroong grupo, magiging mahusay ito. Nagpasya ang simbahan na magandang subukin ito, at naitatag ang isang grupong panghardin.

Sa ngayon, may mga tatay at anak at iba pang kalalakihan ang kasapi sa grupong ito. Sila'y nagkikita-kita tuwing Sabado ng alas 7 ng umaga. Magsisimula sila sa isang panalangin at matapos ito ay tutungo na sila sa kani-kanilang lugar na lilinisin, at sila'y kumuha ng kanilang kapareha na kasama nilang gagawa ng trabaho—2 ang gumugupit sa mga halaman, 2 ang nagwawalis at dala-dalawa sa iba pang mga gawain. Pagdating ng ika-9 ng umaga ay sabay-sabay silang nagkakape at nagbabahagi ng kung ano ang nangyayari sa kani-kanilang mga buhay. Ang bawat isa ay nagkakaroon ng pagkakataong magbahagi, at pagkatapos ay kanilang wawakasan ang kanilang pagbabahagi sa isang panalangin. Pagkatapos ay muli silang magbabalik sa kanilang paglilinis ng sama-sama. Sa ngayon ang mga nagboluntaryo sa grupong panghardin ay nanatili ng taon. Umaalis lamang sila sa grupong ito kung hindi na kaya ng kanilang kalusugan ang obligasyon ng paglilingkod na ito o dahil mayroon na silang ibang mga obligasyon sa iglesia.

Talakayin:

- Ano ang umudyok sa mga nagboluntaryo na pumayag na maglingkod nang matagal sa grupong ito?
- Sa iyong palagay, bakit napakahalaga na maglingkod ng sama-sama?
- Ano ang ilang sa kanilang ginawa upang makapagtatag ng pagkaka-isa?
- Ano ang ilang mga ideya paano natin matulungan ang ating kapatiran na maglingkod ng sama-sama?

7. **Kasiyahan o Kaaliwan**

   Ang mga tao ay gagawa ng higit na maraming bagay na kanilang nakilalang gawing may kasiyahan! Sila'y magtatrabaho ng mahabang oras at lalong makikilahok kapag sila'y nasisiyahan sa kanilang ginagawa. Minsan ay ating naiisip na ang mga Kristianong gawain ay laging seryosong ginagawa, ngunit ang biblia ay madalas mangusap tungkol sa kaligayahan. Sa katotohanan, ang langit ay isang lugar na puno ng kaligayahan.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Gamitin ang* ***TALAAN NG KALAHOK.***

- Iyo na bang nasubukan ang mga pamamaraang ito? Ano ang nagbubunga ng maganda? Ano ang hindi?
- Ano ang ilan sa mga sipi o talata mula sa Biblia na iyong magagamit upang maituro ang kahalagahan ng paglilingkod?
- Ano ang ilan sa mga paraan na iyong nagamit upang makilala ang kakayahan ng iba at mapasalamatan sila? Ano ang ibang mga ideya na iyong maaaring subukan?
- Paano ka makakalikha ng kasiyahan? Ano ang ilang paraan upang maging kasiya-siya ang paglilingkod?

PAG-UULAT

Panuto para sa Pasiliteytor: *Pakasiguruhin na may sapat na panahon ang mga kalahok upang masagutan ang mga tanong bago sila mag-ulat.*

AKTIBIDAD

Ating nakita o natutunan ang 7 paraan upang maramdaman ng mga kapatiran sila'y nahimuk na makilahok sa Paglilingkod: sa pamamagitan ng pagtuturo, paglikha ng mga pagkakataon, pag-iimbita sa iba na makilahok, pagkilala sa pakikilahok ng iba at kakayahan nila, sama-samang pagtatrabaho o paglilingkod sa iba, pagpapahalaga sa iba, at pagbibigay kasiyahan o kaaliwan sa iba.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Hilingin ang lahat na Lumapit sa harapan at kanilang markahan ang tatlong bagay na labis na makakahikayat sa kanilang maglingkod.*

- May mga pumili ba ng parehong metodo? Kalimitan, iba-iba sila.
- Ipaliwanag na iba-iba ang nakakahikayat sa lahat, kaya sa ating iglesia, kailangan nating pagsamba-samahin ang mga plano na hihikayat sa lahat ng uri ng mga tao.
- Mayroon bang metodo na nakakuha ng pinakamaraming marka? Sa iyong palagay, bakit ito ang pinili ng nakakarami? Ano ang mga paraan na magamit mo ang mga metodong ito upang himukin ang iyong mga kapatiran sa iyong iglesia?

Isang Iglesiang Naglilingkod

Kung tayo ay nagnanais na ang ating mga iglesia ay makadevelop ng pamumuhay na gumagawa ng Pagpapamalas ng Pag-ibig sa palagiang pagkakataon (hindi paminsan-minsan lamang), una ay kailangan nating magkumit na manalangin para sa iglesia. Pagkatapos ay kailangan nating gawin ang ating makakaya upang ito'y mapag-usapan, isakatuparan, at magsiya sa palagiang Pagpapamalas ng Pag-ibig. Pakinggan ang kwentong ito tungkol sa isang iglesia na mahusay na nagsikap magtrabaho ng Pagpapamalas ng Pag-ibig bilang isang natural na bahagi ng kanilang pamumuhay bilang isang kapulungan.

Pakiramdam ni Pastor James ay isa siyang talunan. Nalalaman niya kailangan niyang mapaglingkod ang mga miyembro ng kaniyang iglesiang pinaglilingkuran, ngunit hindi niya alam papaano. May isa siyang kaibigan na nagbigay sa kanya ng telepono ni Pastor Moises at iminungkahi na kanyang tawagin ito upang humingi ng payo. Kanya namang tinawagan si Pastor Moises at sa kanilang maikling pag-uusap, siya ay pinayuhan na kailangan niyang makapagtatag ng isang simoy sa simbahan ng simoy ng paglilingkod. Inamin ni Pastor James na wala siyang ideya paano makalikha ng ganitong simoy sa kanyang iglesiang pinaglilingkuran. *'Huwag kang mag-alala,'* tugon ni Pastor Moises sa kanya, *'ako rin ay ganyan din noong nakalipas na maraming taon. Sumama ka sa aming mga Paglilingkod at ipapakita ko sa iyo kung ano ang aking ibig sabihin.'*

Nagtagpo sina Pastor James at Pastor Moises sa harapan ng simbahan. Gumaan ang kanyang pakiramdam ng kanyang napansin at naramdaman na tunay at bukal sa puso ni Pastor Moises ang pagtulong sa kanya at hindi upang ipagmalaki sa kanya gaano kalaki ang kanyang iglesia.

Sa kanilang pagpasok sa simbahan, napansin ni Pastor James ang isang napakalaking poster. Ito ay may nakasulat na titulo na 'Makilahok sa Araw ng Paglilingkod.' At sa ilalim ng tutulong ito ay may isang talata 'Mga kapatid, huwag kayong magsasawa sa paggawa ng mabuti. – **II Tesalonica 3:13**.' Sa baba nito, nakasulat ang pangkasalukuyang buwan at may mga nakasulat sa tatlong linyang kasunod nito. Sa unang linya ay para sa bilang ng Pagpapamalas ng Pag-ibig na nagawa na sa buwang iyon, ang ikalawang linya ay para sa bilang ng tao na natulungan, at ang ikatlong linya ay para sa bilang ng mga kapatiran na naging kabahagi sa pagtulong.

'Ano po ito?' pagtatanong ni Pastor James.

'Mayroon kaming araw ng paglilingkod sa bawat buwan,' paliwanag ni Pastor Moises. *'Sa mga araw na iyon ay pinagsisikapan naming mahimuk ang maraming kapatiran na makapaglingkod sa iba sa paraang kayang*

gawin. Palagian kong iniimbita ang mga kapatiran isulat ang kanilang pangalan sa listahan sa aking tuwing pagmiminsahe, habang ang ibang kapatirang kalahok ay nag-iimbita rin sa kanilang araw-araw na pakikisalamuha sa iba. Ang iba sa kanila ay naglilingkod sa simbahan sa pamamagitan ng pagtulong sa aalaga ng mga tanim o sa pagpipintura ng mga silid. Ang iba ay naglilingkod sa komunidad sa pamamagitan ng pagkukumpuni ng mga bahay o nagsasagawa ng mga aktibidad para sa mga bata. May ilan kaming mga poster sa palibot ng simbahan na nagpapa-alala sa mga kapatiran ng mga petsang nakatakda at matulungan silang makita kung ilan na ang mga natulungan, at gayon din ang bilang ng mga kapatirang nakilahok sa gawaing iyon. Bawat buwan ay aming inililista kung ilang Pagpapamalas ng Pag-ibig ang nagawa, ilang ang natulungan at ilan ang nakibahagi sa gawain. Sa bawat buwan din ay aming sinisikap na itaas o paramihin ang bilang ng mga kapatirang nakikilahok.'

Habang nagmamasid si Pastor James sa paligid ng simbahan, kanyang napansin na ito nga ay tutuo—may mga poster na naglalaman ng mga talata sa Biblia na humihimuk sa lahat na makilahok. Sa likod na pader ay may mga larawang nakadikit na nagpapakita ng mga gawaing naisakatuparan sa mga nakalipas na buwan. Napakaraming larawan ng mga kapatirang nakikilahok sa iba't-ibang mga gawain: pagtatayo ng mga bahay, pagsasa-ayos ng kalsada, paglilinis ng simbahan, at pagtuturo sa mga bata. Sa itaas ng mga larawan ay may nakasulat na, 'Ating Sama-samang Itatag ang Kaharian ng Diyos.'

Naupo si Pastor James habang si Pastor Moises ay naghanda na masimulan ang gawain. Napansin ni Pastor James ang mga mapalakaibigan na mga miyembro na bumabati sa bawat isang dumarating, kanya ring nakita ang isang babaeng tumutulong sa isang bulag na makaupo at pagkatapos ay pinagkaloban niya ito ng isang tasang tsaa. Kanya ring naramdaman na siya'y tanggap na tanggap doon sa iglesia na kanyang pinagtatakahan kung magagawa n'ya rin ito sa kanyang simbahan.

Nang nagsimula na ang gawain, may mga kabataang nasisisayaw habang ang buong kapulungan ay nag-aawitan. Matapos ang mensahe ay inimbitahan ni Pastor Moises ang ilang na magbahagi ng kanilang patotoo. Isang may edad na babae ang lumapit at nagbahagi, 'Ako ay naging balo at ngayon ay nag-iisang nag-aalaga sa aming apo. Ang aming munting tahanan ay marami nang sira at butas-butas na rin ang aming bubungan. Ang aking apo naman ay nahihirapan din sa kanyang pag-aaral.' Pagkatapos ay bigla siyang ngumiti sa lahat, 'Ngunit ang iglesiang ito ay dumating sa aming buhay at tinulungan akong maisaayos ang aming bubong. Ang ilang kabataan sa iglesiang ito ay inanyayahan ang aking apo na sumama sa kanilang programa na nagtuturo sa mga bata upang hindi sila bumagsak sa kanilang klase sa iskul. Labis ang aking pasasalamat sa iglesiang ito sa kanilang pag-aaruga sa amin. Maraming Salamat sa inyong lahat!' Ang bawat isa ay naantig sa narinig na patotoo. Nang bumalik sa harapan si Pastor Moises ay kanyang hiniling na tumayo ang lahat na tumulong sa pagkukumpuni ng bubungan ni nanay at ang lahat ng kabataang tumutulong sa pag-aaral ng apo ni nito. At habang tumatayo ang mga kapatirang nakilahok ay sinalubong sila ng isang masigabong palakpakan at hiyawan ng pasasalamat. Lahat silang tumulong ay tumayong masayang-masaya na kaagad din namang nagsi-upo. Nanalangin si Pastor Moises ng maikli para kay nanay at sa grupong naglingkod kay nanay— kanyang pinasalamatan ang Diyos sa kagustuhang makatulong ng mga kapatiran, kanya ring pinasalamatan ang Diyos sa paggamit sa mga kapatiran, at kanyang hiniling sa Diyos na patuloy na tulungan ang iglesia na makapagbigay kaluwalhatian sa Diyos sa pamamagitan ng Pagpapamalas ng Pag-ibig sa iba. Pagkatapos ay pina-alalahanan ni Pastor Moises ang kapulungan ng petsa ng panibagong araw ng paglilingkod na magaganap sa susunod na 2 linggo. Kanyang sinabihan ang kapulungan na kailangang kumilos ang buong katawan ng sama-sama kung ibig nilang itatag ang Kaharian ng Diyos. Kanyang pina-alalahanan sila na walang bahagi ng katawan ng walang saysay o pakinabang, tulad ng katawan ng isang tao, na kung may bahaging hindi gagampan ng kanyang papel, ang buong katawan ay magdurusa. Kanya rin hiniling sa mga nakilahok na

pagdurusa kanilang siguraduhing nakapag-imbita sila ng iba na makikilahok sa araw ng paglilingkod.

Habang ang gawain ay nagpapatuloy, kinunsidera ni Pastor James ang lahat ng kanyang nakita at narinig. Kanya bang ikinagulat bakit napakaraming kapatiran ang nakikilahok sa kanilang regular na Pagpapamalas ng Pag-ibig? Kanyang napagtanto sa wakas kung ano ang ibig sabihin ni Pastor Moises nang kanyang sinabi na kailangan niyang magtatag ng simoy ng paglilingkod.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Gamitin ang* ***TALAAN NG KALAHOK.***

- Paano naipakita sa kwentong ito ang paraan ng panghihimuk upang makilahok ang nakakarami?
- Ano ang ilang mga ideya na iyong natutunan na maaaring magawa mo rin ng may kahusayan sa iyong iglesia?

Konklusyon

Sabi sa **Efeso 4**, 'Ang buong katawan… …ay lalago at tatatag sa pag-ibig kung ang bawat bahagi nito ay gumagampan ng kanyang tungkulin o papel.' Tayo ay lumalago habang tayo ay nabibigyan ng pagkakataong magamit ang ating talent o mga talento! Bilang mga lider, nais nating himukin ang buong iglesia na Makilahok sa paglilingkod.

PERSONAL NA PAGMUMUNI-MUNI

Tingnan muli ang 7 paraan ng panghihimuk sa iba na maglingkod at tingnan rin ang mga ideya na inyong naibahagi sa inyong mga grupo. Anong 3 mga bagay ang nais mong gawin o isakatuparan sa buwang ito upang mahimuk ang iyong mga miyembro na Makilahok sa paglilingkod?

Panuto para sa Pasiliteytor: *Tapusin ang aralin sa pagbibigay ng panahon upang manalangin para sa iglesia at para sa bawat isa.*